## KUMPLETONG TEKSTO NG PANUKALA G

## BUWIS SA NEGOSYO

PINAGTITIBAY NG MGA RESIDENTE NG LUNSOD NG SAN JOSE:

Ang kabuuan ng Kabanata 4.76 ng Titulo 4 ng Kodigong Munisipal ng San José ay sinususugan at idinedeklarang muli upang magkaroon ng numero, titulo, at nilalaman ayon sa sumusunod:

### KABANATA 4.76
### BUWIS SA NEGOSYO

Bahagi 1
LAYUNIN AT MGA PAGLALARAWAN

**4.76.010 <u>Layunin</u>**

Pinagtitibay ang Kabanatang ito upang makakalap ng pondo para sa mga proyektong munisipal at hindi ito dapat mapailalim sa mga regulasyon.

**4.76.020 <u>Mga Pangkalahatang Paglalarawan</u>**

Para sa Kabanatang ito, bibigyang-kahulugan ang ilang partikular na salita at parirala at ang ilang partikular na probisyon ayon sa nakatakda sa Bahagi 1 na ito, maliban na lang kung makikita mula sa konteksto ng mga ito na iba ang kahulugang ninanais.

**4.76.030 <u>Average na Bilang ng mga Empleyado-Inilalarawan-Komputasyon</u>**

A. Ang ibig sabihin ng "average na bilang ng mga empleyado" ay ang average na bilang ng mga empleyadong isang (1) taon nang nagtatrabaho sa Lunsod sa negosyo ng aplikante bago ang pagsisimula ng taon kung kailan ibinigay ang sertipiko sa buwis ng negosyo, at tutukuyin ito sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa kabuuang bilang ng mga oras ng serbisyo sa ginawa sa Lunsod ng lahat ng empleyado sa negosyo ng aplikante noong nakaraang taon at paghahati ng kabuuang bilang ng mga oras ng serbisyo na nakuha ayon sa bilang ng mga oras ng serbisyo para sa isang araw alinsunod sa mga batas, kaugalian o paggamit na mananahala o tumutukoy sa nasabing pagtatrabaho, at ang bilang na makukuha ay hahatiin ayon sa bilang ng mga araw ng negosyo noong nakaraang taon; o

2. Sa sariling pagpapasya ng aplikante, kung ihahain ng aplikante sa Kagawaran ng Pagtatrabaho ng Estado ang mga nabanggit na form at ulat, at kung iuulat ng aplikante ang lahat ng empleyado ng aplikante alinsunod sa Kabanatang ito, maaaring kalkulahin ng aplikante ang average na bilang ng mga empleyado sa pamamagitan ng pagkuha sa bilang ng mga empleyadong nagtatrabaho sa negosyo ng aplikante sa Lunsod para sa bawat buwan ng nakaraang taon gaya ng ipinapakita at iniuulat sa lahat ng DE3 form, at paghahati nito sa labindalawa (12). Ang DE3 at iba pang mga form na nabanggit sa itaas ay ang mga form na "Pagbabalik ng Kontribusyon at Pag-uulat ng Suweldo Alinsunod sa Kodigo ng Seguro sa Kawalan ng Trabaho para sa DE3," na kailangang ihain ng mga nagpapatrabaho sa Kagawaran ng Pagtatrabaho ng Estado, alinsunod sa Kodigo ng Seguro sa Kawalan ng Trabaho ng estado para sa pag-uulat ng mga kontribusyon na kailangang ibigay alinsunod sa nasabing Kodigo, at iba pang form o mga form na hinihingi o hihingin ng Estado para sa mga nasabing bagay.

B. Sa pagkalkula ng average na bilang ng mga empleyado, ang mga fraction ng mga numero na kalahati (1/2) pataas ay ira-round up sa pinakamalapit na whole number.

**4.76.040 <u>Average na Bilang ng mga Empleyado-Para sa Bagong Negosyo-Inilalarawan-Komputasyon</u>**

A. Sa kabila ng mga sumasalungat na probisyon ng Seksyon 4.76.030, sa sitwasyon ng bagong negosyo, ang ibig sabihin ng "average na bilang ng mga empleyado" na ginagamit sa Kabanatang ito ay ang average na bilang ng mga empleyadong nagtatrabaho sa Lunsod sa negosyo ng aplikante sa panahon kung kailan ibinigay ang sertipiko ng buwis sa negosyo, at tutukuyin ito sa pamamagitan ng mga sumusunod: Ang aplikante, kung batay sa average na bilang ng mga empleyado sa nasabing negosyo ang kabuuan o bahagi ng buwis na sinisingil sa negosyo, ay maghahain sa Direktor ng aplikasyon para sa sertipiko ng buwis sa negosyo alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito, ng nakasulat na pahayag, sa mga form na ibinigay ng Direktor na nagtatakda ng pagtatantiya ng average na bilang ng mga empleyado na ninanais o inaasahang magtrabaho ng aplikante sa negosyo ng aplikante sa Lunsod sa panahon kung kailan ibibigay ang sertipiko ng buwis sa negosyo. Ang anumang buwis na sisingilin sa nasabing negosyo, batay sa average na bilang ng mga empleyado sa nasabing negosyo, ay kakalkulahin batay sa pagtatantiya, at babayaran ng aplikante ang nasabing buwis batay sa nasabing pagtatantiya.

B. Sa pagtatapos ng panahon kung kailan ibinigay ang sertipiko ng buwis sa negosyo, ang aplikante ay maghahain sa Direktor ng nakasulat na pahayag na nagpapakita ng aktwal na average na bilang ng mga empleyadong nagtatrabaho sa negosyo ng aplikante sa Lunsod sa loob ng nasabing panahon, na kinalkula alinsunod sa Seksyon 4.76.030 sa itaas. Kung ang buwis na batay sa aktwal na average na bilang ng mga taong nagtatrabaho sa loob ng nasabing panahon ay lalampas sa buwis na batay sa bilang na tinantiya noong ibinigay ang sertipiko ng buwis sa negosyo, babayaran ng aplikante sa Direktor ang pagkakaiba.

Kung ang buwis na batay sa aktwal na average na bilang ng mga taong nagtatrabaho sa loob ng nasabing panahon ay mas mababa sa buwis na batay sa bilang na tinantiya noong ibinigay ang sertipiko ng buwis sa negosyo, ibabalik ng Lunsod sa aplikante ang halaga ng pagkakaiba.

**4.76.050 Negosyo**

Kapag sinabing "negosyo," kasama ang lahat ng aktibidad na ginawa o ipinagawa sa loob ng Lunsod na ito, kasama na ang anumang pangkomersyo o pang-industriya na negosyo, kalakalan, propesyon, trabaho, bokasyon, hilig, o hanapbuhay, kasama na ang pagpapaupa ng mga pangresidensyal o hindi pangresidensyal na lupain at parke ng mobilehome, o mga independiyenteng kontratista, ginagawa man ang mga ito upang kumita o hindi, ngunit hindi kasama rito ang mga serbisyong ibinigay ng isang empleyado sa pinagtatrabahuhan niya.

**4.76.052 Sertipiko ng Buwis sa Negosyo**

Ang ibig sabihin ng "sertipiko ng buwis sa negosyo" o "sertipiko" ay ang sertipikong ibinigay ng Lunsod sa nagbabayad ng buwis kapag nakumpleto na ang aplikasyon sa buwis sa negosyo at nabayaran na ang buwis na iniaatas ng Kabanatang ito, o ang sertipikong ibinibigay ng Direktor alinsunod sa Seksyon 4.76.610 kapag natukoy ng Direktor na hindi na kailangan ng aplikante na magbayad ng buwis sa negosyo sa ilalim ng mga probisyon ng Kabanatang ito.

**4.76.055 Kapatan sa Kalendaryo**

Ang ibig sabihin ng "kapatan sa kalendaryo" ay ang alinman sa apat (4) na panahon sa taon ng kalendaryo na binubuo ng tatlong (3) buwan, simula sa Enero 1, Abril 1, Hulyo 1, at Oktubre 1.

**4.76.056 Indise ng CPI**

Ang ibig sabihin ng "Indise ng CPI" ay ang Indise ng Presyo ng Mamimili–Lahat ng Mamimili ng Lunsod para sa Lahat ng Aytem (simula sa 1982-1984=100) para sa Lugar ng San Francisco-Oakland-San José na inilathala ng Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos, Kawanihan ng mga Istatistika ng Paggawa.

**4.76.057 Araw**

Ang ibig sabihin ng "araw" ay araw ng kalendaryo, maliban na lang kung iba ang nakasaad.

**4.76.058 Direktor**

Ang ibig sabihin ng "Direktor" ay ang Direktor ng Kagawaran ng Pananalapi ng Lunsod.

**4.76.060 Empleyado**

Ang ibig sabihin ng "empleyado" ay ang bawat indibidwal na sangkot sa pagpapatakbo ng anumang negosyo, ito man ay bilang may-ari, miyembro ng pamilya ng may-ari, kasosyo, katrabaho, ahente, tagapamahala o tagakalap, at bawat indibidwal na nagtatrabaho sa nasabing negosyo kapalit ng sahod, suweldo, komisyon o pabahay.

**4.76.070 Nagnenegosyo**

Ang ibig sabihin ng "nagnenegosyo" ay ang pagsisimula, pagsasagawa, pagpapatakbo, pamamahala o pagpapatuloy ng isang negosyo at ang paggamit ng mga pangkorporasyon o pamprangkisang kapangyarihan, ginawa man ito bilang may-ari, o sa tulong ng isang opisyal, ahente, tagapamahala, empleyado, tagapaglingkod o hindi, nagpapatakbo man mula sa isang nakapirming lokasyon sa Lunsod o pumapasok sa Lunsod mula sa ibang lokasyon upang gawin ang mga nasabing aktibidad.

**4.76.075 Ebidensya ng Pagnenegosyo**

Sa tuwing gagamit ang isang tao ng mga karatula, polyeto, kard o iba pang paraan ng patalastas, kasama na ang paggamit ng internet o pagkalap gamit ang telepono, ibig sabihin ay nagnenegosyo ang nasabing tao sa Lunsod, at maaaring gamitin ang mga ito bilang ebidensya na nagnenegosyo ang nasabing tao sa Lunsod.

**4.76.095 Buwis sa Negosyo**

Ang ibig sabihin ng "buwis sa negosyo," o "buwis" ay ang buwis na sinisingil para sa pagnenegosyo sa San José.

**4.76.098 Kodigo ng NAICS**

Ang ibig sabihin ng "Kodigo ng NAICS" ay ang klasipikasyon ayon sa numero para sa mga aktibidad ng negosyo na itinakda sa Sistema ng Klasipikasyon ng Industrya sa Hilagang Amerika.

**4.76.100 Bagong Negosyo**

Ang ibig sabihin ng "bagong negosyo" ay isang negosyo na siyamnapung (90) araw nang umiiral at tumatakbo, o mas mababa pa.

**4.76.105 <u>Online na Sistema ng Paghahain</u>**

Ang ibig sabihin ng "Online na Sistema ng Paghahain" ay isang sistemang gumagamit ng internet na maaaring gamitin upang maghain ng aplikasyon para sa isang sertipiko ng buwis sa negosyo at magbayad ng buwis sa negosyo, kasama na ang anumang mga interes at multa, na kailangang bayaran alinsunod sa Kabanatang ito.

**4.76.110 <u>Tao</u>**

Ang ibig sabihin ng "tao" ay anumang domestiko o banyagang korporasyon, kompanya, kapisanan, sindikato, kompanya ng pinagsama-samang sapi, anumang uri ng pagsososyo, magkasamang pagnenegosyo, klab, pagtitiwalang batay sa negosyo o pangkaraniwang batas ng Massachusetts, indibidwal, ari-arian, pagtitiwalang batay sa negosyo, tatanggap, plano sa pagreretiro, katiwala, o iba pang grupo o kumbinasyon na kumikilos bilang isa.

**4.76.115 <u>Maliit na negosyo</u>**

Ang ibig sabihin ng "maliit na negosyo" ay isang negosyo na pag-aari at pinapatakbo ng isang mamamayan ng bansa o magkasamang pag-aari at pinapatakbo ng mag-asawa o domestikong magkasama, nang walang ibang pang mga prinsipal o empleyado. Para sa Kabanatang ito, ang ibig sabihin ng "mga domestikong magkasama" ay dalawang (2) indibidwal na may kasalukuyang pahayag ng domestikong pagsasama sa Kalihim ng Estado ng California alinsunod sa Batas sa Pagpaparehistro ng Domestikong Kasama, Seksyon 297 ng Kodigo sa Pamilya ng California, atbp., na maaaring susugan, kung saan ipinapahayag nila ang kanilang domestikong pagsasama. Hindi kasama sa "maliit na negosyo" ang isang korporasyon, pagsososyo, o kapisanan maliban na lang kung ang nag-iisang tagapagpatakbo ng negosyo o mag-asawa o domestikong magkasama lang ang mga empleyado ng nasabing korporasyon, pagsososyo, o kapisanan.

**4.76.120 <u>May-ari ng Maliit na Negosyo</u>**

Ang ibig sabihin ng "may-ari ng maliit na negosyo" ay isang mamamayan ng bansa na nagmamay-ari at nagpapatakbo ng maliit na negosyo o nagmamay-ari at nagpapatakbo ng maliit na negosyo kasama ng kanyang asawa o domestikong kasama, kung naaangkop.

## Bahagi 2
## MGA PANGKALAHATANG PROBISYON SA BUWIS

**4.76.160 <u>Iba Pang Mga Awtorisadong Lisensya, Permiso, Buwis, Fee o Singil</u>**

Walang bahagi ang Kabanata 4.76 na maaaring ituring na nagpapawalang-bisa, nagsususog, pumapalit o nakakaapekto sa anumang mga iniaatas para sa anumang lisensya o permiso na iniaatas, itinatakda o hinihingi ng anumang probisyon ng iba

pang Titulo o Kabanata ng Code na ito o iba pang ordinansa o resolusyon ng Lunsod o ng Konseho nito, at hindi rin ito maaaring ituring na nagpapawalang-bisa, nagsususog, pumapalit o nakakaapekto sa anumang buwis, fee o iba pang singil na iniaatas, tinatasa o hinihingi, alinsunod sa iba pang Titulo o Kabanata ng Kodigong ito o iba pang ordinansa o resolusyon ng Lunsod o ng Konseho nito.

**4.76.170 Sertipiko ng Buwis sa Negosyo–Iniaatas**

A. Ang lahat ng taong nagnenegosyo sa Lunsod ay inaatasang magbayad ng buwis sa negosyo, alinsunod sa mga halagang babanggitin sa Kabanatang ito. Ilegal para sa sinuman na magsimula, kumumpleto o magsagawa ng anumang negosyo sa Lunsod na hindi ibinubukod ng Kabanatang ito nang hindi muna kumukuha ng sertipiko ng buwis sa negosyo mula sa Lunsod upang magawa iyon, o nang hindi sumusunod sa anuman at lahat ng probisyong napapaloob sa Kabanatang ito. Ang pagsasagawa ng anumang negosyo nang hindi sumusunod sa anuman at lahat ng probisyon ng Kabanatang ito ay ituturing na hiwalay na paglabag sa Kabanatang ito para sa bawat araw na magsasagawa ng nasabing negosyo.

B. Ang sertipiko ng buwis sa negosyo na kailangang kunin at ang buwis sa negosyo na kailangang bayaran ay iniaatas alinsunod sa kapangyarihan sa paniningil ng buwis ng Lunsod upang makakalap ng pondo, at hindi itinuturing na mga fee sa permiso sa pangangasiwa ang mga ito.

**4.76.180 Ang Pagbabayad ng Buwis ay Hindi Awtorisasyon para sa Negosyo na Labag sa Batas**

A. Ang pagbabayad ng buwis sa negosyo na iniaatas ng Kabanatang ito, at ang pagtanggap ng Lunsod dito, at ang pagbibigay ng sertipiko sa sinumang nagbigay ng ebidensya ng pagbabayad ng buwis ay hindi nagbibigay ng karapatan sa sinuman na magnegosyo, maliban na lang kung nasunod na ng taong iyon ang lahat ng iniaatas ng Kodigong ito at ng lahat ng naaangkop na batas, o magnegosyo sa anumang gusali o sa anumang lugar kung ang nasabing gusali o lugar ay nasa isang sona o lokal kung saan labag sa anumang batas ang ganoong pagnenegosyo.

B. Walang sertipiko ng buwis sa negosyo na ibinigay alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito na ituturing na nagpapahintulot sa pagsasagawa o pagpapatuloy ng anumang ilegal o labag sa batas na negosyo o anumang negosyo na lumalabag sa anumang ordinansa ng Lunsod.

**4.76.190 Aplikasyon-Form at Nilalaman**

Ang bawat taong inaatasang kumuha ng sertipiko ng buwis sa negosyo alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito ay magpapasa rin sa Direktor ng aplikasyon para dito, o para sa pag-renew nito. Ang nasabing aplikasyon ay maglalaman ng nakasulat na pahayag sa isang form o mga form na ibinigay ng Direktor, at lalagdaan ito ng aplikante sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag. Ilalagay sa aplikasyon ang nasabing impormasyon na maaaring iatas at

maaaring kailanganin upang matukoy nang tama ang halaga ng buwis na babayaran ng aplikante, kasama ng iba pang impormasyon na maaaring hingin ng Direktor upang maipatupad niya ang mga probisyon ng Kabanatang ito.

**4.76.200 <u>Aplikasyon-Hindi Kongklusibo ang Impormasyon-Pagiging Kumpidensyal</u>**

A. Walang aplikasyon na magiging kongklusibo hinggil sa mga bagay na itinakda rito, at ang paghahain ng nabanggit ay hindi mag-aalis sa kakayahan ng Lunsod na singilin ang buwis na dapat bayaran alinsunod sa Kabanatang ito sa pamamagitan ng naaangkop na aksyon. Ang bawat aplikasyon, at ang lahat ng pahayag at impormasyong napapaloob dito, ay rerepasuhin, susuriin at pagtitibayin ng Direktor, ng kanyang mga kinatawan, o ng iba pang mga awtorisadong empleyado ng Lunsod. Ang lahat ng taong nagnenegosyo sa Lunsod ay inaatasang magbigay ng pahintulot sa pagsusuri ng kanilang mga talaan, rekord at papeles para sa mga layuning itinakda sa Kabanatang ito.

B. Ang impormasyon o datos na makukuha mula sa nasabing eksaminasyon o pagsusuri, o mula sa anumang aplikasyong iniaatas dito, ay ituturing na kumpidensyal, alinsunod sa mga pagbubukod na itinakda sa Seksyong ito. Ang nabanggit na impormasyon ay tinatawag na mga rekord ng buwis sa negosyo.

C. Maaaring ilahad ang impormasyong isinasapubliko na kailangang ilagay sa aplikasyon sa buwis sa negosyo o nabanggit sa aplikasyon sa buwis sa negosyo, kasama nang walang limitasyon ang pangalan, direksiyon, numero ng account ng buwis sa negosyo, Kodigo ng NAICS at iba pang mga klasipikasyon ng negosyo na itinuturing ng Direktor na naaangkop para sa pagtukoy at pagsubaybay sa negosyo, at sa pagpapatupad ng Kabanatang ito.

D. Ang mga probisyon ng Seksyong ito ay hindi dapat gamitin upang pigilan ang paglalahad ng isang opisyal, empleyado o ahente ng Lunsod sa mga rekord ng buwis sa negosyo para sa pagpapatupad ng anumang probisyon ng Kabanatang ito.

E. Ang mga probisyon ng Seksyong ito ay hindi dapat gamitin upang pigilan ang paglalahad ng mga rekord ng buwis sa negosyo sa, o ang pagsusuri sa mga rekord ng buwis sa negosyo ng, mga pederal o pang-estadong opisyal sa buwis, o mga opisyal sa buwis ng ibang lunsod o county o lunsod at county kung mayroong kasunduan para sa pagpapalitan ng impormasyon ng buwis upang matulungan ang Lunsod sa pagpapatupad ng Kabanatang ito.

F. Hindi dapat gamitin ang mga probisyon ng Seksyong ito upang pigilan ang paglalahad ng mga rekord ng buwis sa negosyo bilang tugon sa isang subpoena o utos ng hukuman.

**4.76.220 <u>Sertipiko ng Buwis sa Negosyo-Para sa Maraming Negosyo sa Iisang Lokasyon</u>**

Kung magtatayo ang isang tao ng dalawa (2) o higit pang magkakahiwalay na negosyo sa iisang establisamiyento o lokasyon, magbibigay ng hiwalay na sertipiko ng buwis sa negosyo para sa bawat negosyo. Ang magkakahiwalay na pagpapatakbo ng

negosyo ay inilalarawan bilang dalawa (2) o higit pang magkakahiwalay at magkakaibang entidad o pangalan ng negosyo na may magkakahiwalay na rekord ng kuwenta, account sa bangko, at iba pa.

**4.76.225 <u>Sertipiko ng Buwis sa Negosyo-Para sa Iisang Negosyo sa Maraming Lokasyon</u>**

Sa kabila ng anumang bahagi ng Kabanatang ito na sumasalungat, ang bawat sangay o lokasyon kung saan nagsasagawa ng parehong negosyo ang isang tao ay hindi ituturing na isang hiwalay na negosyo, bagkus, ituturing bilang isang (1) negosyo ang lahat ng nasabing sangay at lokasyon.

**4.76.230 <u>Sertipiko ng Buwis sa Negosyo para sa mga Negosyong Nagrerenta</u>**

Ang bawat taong nagpapatakbo ng anumang negosyo, ito man ay nagbabayad, nagrerenta o nagbibigay ng komisyon kapalit ng pag-upa ng puwesto sa lugar kung saan nagnenegosyo ang ibang tao alinsunod sa anumang probisyon ng Kabanatang ito, ay aatasang magbayad ng buwis at kumuha ng hiwalay at independiyenteng sertipiko ng buwis sa negosyo alinsunod sa mga naaangkop na probisyon, at mapapailalim ito sa lahat ng probisyon ng Kabanatang ito.

**4.76.240 <u>Taunang Sertipiko-Termino</u>**

A. Ang anumang sertipiko na nagpapatunay ng pagbabayad ng buwis sa negosyo na dapat bayaran taun-taon ay magkakaroon ng bisa sa petsa kung kailan matatanggap ng Lunsod ang buong bayad sa buwis at, kung naaangkop, ang interes at multa. Anuman ang petsa ng pagbabayad ng buwis sa negosyo, ang petsang ilalagay sa sertipiko na nagpapatunay ng pagbabayad ng isang bagong negosyo sa buwis sa negosyo ay ang petsa kung kailan nagsimula ang negosyo, at ang ilalagay na petsa sa sertipiko na nagpapatunay ng taunang pagbabayad ng buwis sa negosyo ay ang takdang petsa para sa pagbabayad ng buwis sa negosyo.

B. Ang sertipiko na taunang ibinibigay ay mananatiling may bisa hanggang sa takdang petsa para sa taunang pagbabayad ng buwis sa negosyo alinsunod sa Seksyon 4.76.270.

**4.76.270 <u>Pagbabayad-Mga Limitasyon sa Oras</u>**

Ang lahat ng buwis sa negosyo na iniaatas ng Kabanatang ito ay dapat bayaran gaya ng sumusunod:

A. Ang mga buwis sa negosyo na taunang binabayaran ay dapat bayaran bago pa ang takdang petsa. Ang mga buwis sa negosyo ay dapat bayaran sa mga sumusunod na petsa:

    1. Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 4.76.290, ang unang pagbabayad ng buwis sa negosyo ay dapat gawin sa petsa kung kailan nagsimulang magnegosyo sa Lunsod ang taong iyon; at

2. Ang bawat pagbabayad ng buwis sa negosyo pagkatapos noon ay dapat gawin taun-taon sa ika-labinlimang (ika-15) araw ng buwan sa kalendaryo kung kailan unang nagnegosyo sa Lunsod ang taong iyon.

B. Sa kabila ng Subseksyon A.2., para sa mga kuwenta ng buwis sa negosyo na inatasang magsagawa ng taunang pagbabayad ng buwis sa negosyo sa isang kapatan ng kalendaryo na iba sa kapatan ng kalendaryo kung kailan unang nagbayad ng buwis sa negosyo sa Lunsod, isasagawa ng mga nagbabayad ng buwis sa negosyo ang kanilang taunang pagbabayad sa ika-labinlimang (ika-15) araw ng unang buwan ng kapatan ng kalendaryo kung kailan sila nagbabayad ng buwis sa negosyo, na tutukuyin ng Direktor.

C. Ang takdang petsa para sa mga buwis sa negosyo na buwan-buwang binabayaran ay ang huling araw ng buwan pagkatapos mismo ng buwan kung kailan dapat bayaran ang buwis.

D. Sa sitwasyon kung saan itinigil, isinara o winakasan ang isang negosyo bago ang pagkapaso ng isang panahon ng buwis sa negosyo, ang takdang petsa para sa anumang mga buwis na naipon na dapat bayaran sa Lunsod alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito, kasama na ang anumang mga buwis sa negosyo na hindi mababayaran hanggang sa katapusan ng panahon ng buwis sa negosyo hanggang sa petsa ng pagbabayad ng buwis para sa susunod na panahon ng buwis sa negosyo, ay ang petsa ng pagwawakas ng negosyo.

**4.76.270.5 <u>Pagpapalawig ng Petsa ng Pagbabayad-Pagsasara ng Opisina ng Lunsod</u>**

A. Sa anumang taon kung kailan sarado ang mga opisina ng Lunsod, bilang utos ng Konseho ng Lunsod, mula Disyembre 24 hanggang January 1, ang mga buwis na sinisingil alinsunod sa Kabanatang ito ay babayaran gaya ng sumusunod:

1. Ang mga buwis sa negosyo na taunang binabayaran, alinsunod sa Seksyon 4.76.270.A., na dapat bayaran sa unang araw ng taon, ay ituturing na nabayaran sa tamang oras kung magbabayad pitong (7) araw pagkatapos ng takdang petsa o mas maaga pa.

2. Ang mga buwis sa negosyo na buwan-buwang binabayaran, alinsunod sa Seksyon 4.76.270.C., na dapat bayaran sa Disyembre 31, ay ituturing na nabayaran sa tamang oras kung magbabayad pitong (7) araw pagkatapos ng takdang petsa o mas maaga pa.

**4.76.275 Mga Pagbabayad at Komunikasyon na Isinasagawa sa Pamamagitan ng Koreo-Patunay ng Pagsusumite sa Tamang Oras**

A. Sa tuwing makakatanggap ang Direktor ng anumang pagbabayad, pahayag, ulat, kahilingan o iba pang komunikasyon pagkatapos ng itinakdang oras ng Kabanatang ito, ngunit napapaloob ito sa isang sobre na may tatak ng koreo na nagsasaad na ipinadala ito bago ang itinakdang oras ng Kabanatang ito, o kapag nabigyan ang Direktor ng sapat na patunay na nailagay sa koreo ng Estados Unidos ang pagbabayad, pahayag, ulat, kahilingan o iba pang komunikasyon bago ang itinakdang oras, maaaring ituring ng Direktor ang nasabing pagbabayad, pahayag, ulat, kahilingan o iba pang komunikasyon bilang natanggap sa tamang oras.

B. Kung tatapat sa Sabado, Linggo o piyesta opisyal ang takdang petsa, ililipat ang takdang petsa sa susunod na regular na araw ng negosyo kung kailan bukas sa publiko ang Tanggapan ng Lunsod.

**4.76.280 Pagbabayad-Kapag Itinuring na Lampas na sa Takdang Petsa ang mga Buwis**

Maliban na lang kung partikular na nabanggit sa iba pang mga probisyon ng Kabanatang ito, ang lahat ng buwis sa negosyo na kailangang bayaran alinsunod sa Kabanatang ito ay ituturing na lampas na sa takdang petsa kung hindi ito babayaran sa o bago ang takdang petsa na tinukoy sa Seksyon 4.76.270.

**4.76.281 Ang Paunawa ay Hindi Iniaatas ng Lunsod**

Hindi kinakailangan ng Direktor na magpadala ng paunawa sa pag-renew, paglampas sa takdang petsa o iba pang paunawa o singil sa sinumang napapailalim sa mga probisyon ng Kabanatang ito, at ang hindi pagpapadala ng nasabing paunawa o singil ay hindi makakaapekto sa bisa ng anumang buwis o multa na kailangang bayaran alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito.

**4.76.282 Pahayag para sa Pag-renew ng Buwis sa Negosyo**

Bago lumampas sa takdang petsa ang buwis sa negosyo, dapat ihain sa Direktor ng bawat taong dapat magbayad ng buwis sa negosyo ang impormasyong kinakailangan ng Direktor upang maipatupad ng Direktor ang mga probisyon ng Kabanatang ito, dapat niyang bayaran sa panahong iyon ang halaga ng buwis na nakalkula.

**4.76.290 Pagbabayad-Multa para sa Paglampas sa Takdang Petsa; at 90-araw na Palugit para sa mga Bagong Negosyo**

A. Ang sinumang hindi magbabayad o tatangging magbayad ng anumang buwis sa negosyo na kailangang bayaran alinsunod sa Kabanatang ito sa o bago ang takdang petsa ay magbabayad ng mga multa at interes gaya ng sumusunod:

1. Isang multa na katumbas ng dalampu't limang porsyento (25%) ng halaga ng buwis dagdag pa sa halaga ng buwis, dagdag pa ang interes sa hindi pa nababayarang buwis na nakalkula mula sa takdang petsa ng buwis sa antas na itinakda ng resolusyon ng Konseho ng Lunsod; at

2. Isang karagdagang multa na katumbas ng dalampu't limang porsyento (25%) ng halaga ng buwis kung hindi mababayaran ang buwis sa loob ng panahon na lampas ng tatlumpu't (30) araw sa takdang petsa, dagdag pa ang interes sa hindi pa nababayarang buwis at interes sa mga hindi pa nababayarang multa sa antas na itinakda ng resolusyon ng Konseho ng Lunsod.

B. Sa kabila ng Subseksyon A., kung sa unang beses na kailangang bayaran ang buwis sa negosyo ay babayaran ng nagbabayad ng buwis ang buong halaga ng buwis sa loob ng siyamnapung (90) araw mula sa takdang petsa, hindi na pababayaran ng Lunsod ang lahat ng multa at interes na maiipon bago ang petsa ng pagbabayad. Para lang ito sa unang pagkakataon na dapat bayaran ang buwis sa negosyo para sa isang negosyo.

C. Ang sinumang sangkot sa negosyo ng pagpapatakbo ng pasilidad ng pagtatapon ng basura na hindi makakapagbayad ng anumang buwis sa negosyo na kailangang bayaran alinsunod sa Seksyon 4.76.490 sa o bago ang takdang petsa ay magbabayad ng mga multa at interes na katumbas ng sampung porsyento (10%) ng halaga ng buwis, dagdag pa sa halaga ng buwis, kung matatanggap ng Direktor ang pagbabayad sa loob ng isang (1) araw ng negosyo pagkalipas ng takdang petsa. Pagkatapos nito, maiipon ang mga parusa at interes ayon sa mga antas na nakatakda sa Subseksyon A., sa itaas.

D. Sa tuwing magsusumite ng tseke bilang bayad sa isang buwis sa negosyo at pagkatapos ay ibinalik ng bangko ang tseke, at hindi maaaprubahan ang tseke bago ang takdang petsa, kakailanganing bayaran ng nagbabayad ng buwis ang halaga ng buwis, dagdag pa ang mga multa at interes na itinakda sa Seksyong ito, dagdag pa ang anumang halaga na pinapayagan alinsunod sa batas ng estado.

E. Maliban sa mga bagong negosyo na kuwalipikado alinsunod sa Subseksyon B., kung hindi nakapagpasa ng aplikasyon at hindi nakakuha ng wastong sertipiko ng buwis sa negosyo ang isang tao, ang halaga ng buwis sa negosyo ay magiging katumbas ng halagang dapat bayaran mula sa unang petsa kung kailan nagsimulang magnegosyo sa Lunsod ang taong iyon, dagdag pa ang mga naaangkop na multa at interes na kinalkula alinsunod sa Subseksyon A., sa itaas.

**4.76.295 <u>Hindi Pagpapabayad ng mga Multa</u>**

Maaaring hindi na pabayaran ng Direktor ang mga una at pangalawang multa na nagkakahalaga ng dalawampu't limang porsyento (25%) na sinisingil sa sinuman kung:

A. Magbibigay ang taong iyon ng sapat na ebidensya sa Direktor na ang hindi pagbabayad sa tamang oras ay dahil sa mga bagay na hindi kontrolado ng taong iyon at nangyari sa kabila ng ordinaryong pag-iingat at hindi sadyang pagpapabaya, at binayaran ng taong iyon ang buwis sa negosyo na lampas na sa takdang petsa at ang naipong interes na kailangang bayaran sa Lunsod bago magpasa ng aplikasyon sa Direktor para sa hindi pagpapabayad ng multa.

B. Ang mga probisyon ng hindi pagpapabayad ng multa na tinukoy sa Subseksyong ito ay hindi malalapat sa interes na naipon dahil sa buwis na lampas na sa takdang petsa, at isang beses lang maaaring igawad ang hindi pagpapabayad ng buwis sa loob ng anumang dalawampu't apat na (24) buwang panahon.

**4.76.300 <u>Hindi Maaaring Ilipat ang Sertipiko ng Buwis sa Negosyo-Sinusugan na Sertipiko ng Buwis sa Negosyo para sa Paglipat ng Lokasyon-Pagpapalit ng Pangalan ng Negosyo</u>**

A. Ang mga sertipiko ng buwis sa negosyo na ibinigay alinsunod sa Kabanatang ito ay hindi maaaring ilipat o itakda sa ibang tao, at anumang buwis na binayaran ng sinuman alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito ay hindi rin maaaring ibawas nang buo o bahagya sa pagbabayad ng anumang buwis na kailangang bayaran o malapit na ang takdang petsa mula sa sinuman.

B. Ang bawat taong binigyan ng sertipiko ng buwis sa negosyo ay magpapasa ng aplikasyon sa Direktor para sa pagbibigay ng binagong sertipiko ng buwis sa negosyo bago palitan ang lokasyon ng pangunahing lugar ng negosyo, pangalan ng negosyo, o direksiyong pangkoreo ng negosyo na nakalagay sa sertipiko ng buwis sa negosyo. Ang pagbibigay ng binagong sertipiko ng buwis sa negosyo ay may kaakibat na pagbabayad ng fee sa aplikasyon na tinukoy sa iskedyul ng mga fee at singil na itinakda ng resolusyon ng Konseho ng Lunsod.

C. Ilegal para sa sinuman na ibenta, ibigay o ilipat sa ibang tao, o payagan ang sinuman na gamitin o ipakita, sirain o alisin, o kunin ang anumang sertipiko ng buwis sa negosyo na ibinigay sa ibang tao, maliban na lang kung pinahintulutan ng Kabanatang ito.

D. Ang paglilipat ng sapi o mga pag-aari ng anumang negosyo na nagresulta sa pagbabago sa pagkontrol sa negosyo ay ituturing na isang pagpapalit ng may-ari.

**4.76.310 Sertipiko ng Buwis sa Negosyo-Kinakailangan ang Pagpapaskil o Pagdadala**

Ang bawat taong binigyan ng sertipiko ng buwis sa negosyo alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito para sa pagnenegosyo sa isang nakapirming lugar ng negosyo ay inaatasang ipaskil ang nasabing sertipiko ng buwis sa negosyo, habang may bisa ito, sa kapansin-pansing lugar na kitang-kita ng publiko sa lugar ng negosyo. Ang bawat taong may nasabing sertipiko ng buwis sa negosyo at walang nakapirming lugar ng negosyo ay inaatasang dalhin ang nasabing sertipiko ng buwis sa negosyo sa lahat ng oras habang nagnenegosyo. Ang bawat taong may sertipiko ng buwis sa negosyo ay inaatasang ipakita ito kapag hiningi ng sinumang opisyal ng pulisya o sinumang may awtorisasyon na magbigay o mag-inspeksyon ng mga sertipiko ng buwis sa negosyo o maningil ng mga buwis sa negosyo alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito.

**4.76.320 Mga Sticker ng Pagkakakilanlan ng Sasakyan**

A. Maaaring atasan ng Direktor ang sinumang gumagamit ng sasakyan para sa pagnenegosyo na maglagay sa nasabing sasakyan ng isang sticker, aparato, karatula o sertipiko ng buwis sa negosyo o mga katulad nito kung saan nakasulat ang mga salitang "San José, California," o anumang pagdadaglat nito, kasama ng kasalukuyang termino ng sertipiko ng buwis sa negosyo, at itatakda ng Direktor ang anyo, kulay at nilalaman nitong impormasyon.

B. Hindi maaaring ipamigay, ibenta o ilipat ng sinumang binigyan ng tag ng pagkakakilanlan ng sasakyan ang nasabing tag ng pagkakakilanlan, at hindi rin niya ito maaaring ipagamit sa sinuman.

**4.76.330 Mga Kopya ng Sertipiko**

Ang Direktor ay maaaring magbigay ng mga kopya ng sertipiko bilang pamalit sa anumang sertipiko ng buwis sa negosyo na nawala o nasira kapag naghain ng apidabit na nagpapatunay sa pangyayaring iyon, at may kaakibat na fee ang paghahain ng nasabing apidabit sa Direktor alinsunod sa iskedyul ng mga fee at singil na itinakda ng resolusyon ng Konseho ng Lunsod.

**4.76.335 Pagsasauli ng Ibinayad-Mga Kredito**

A. Hindi maaaring isauli ang anumang buwis na siningil alinsunod sa Kabanatang ito, maliban na lang kung itinakda sa Seksyon 4.76.340.

B. Hindi maaaring isauli ang anumang buwis na siningil alinsunod sa Kabanatang ito dahil sa paghinto, pagsasara o iba pang pagwawakas ng isang negosyo.

C. Maaaring piliin ng sinumang karapat-dapat makatanggap ng pagsasauli ng buwis na binayaran alinsunod sa Kabanatang ito na ibawas na lang ang isasauling bayad sa mga buwis sa negosyo ng nasabing tao para sa susunod na taon ng kalendaryo, sa pasulat na paraan.

**4.76.340 Mga Pagsasauli ng Ibinayad at Pamamaraan**

A. Sa tuwing sobra ang ibinayad, binayaran nang mahigit sa isang beses, o mali o ilegal ang siningil o natanggap ng Lunsod na halaga ng buwis sa negosyo, multa o interes alinsunod sa Kabanatang ito, maaari itong isauli sa humihingi ng dapat-matanggap na nagbayad ng buwis, basta't maghahain ng nakasulat na habol para sa pagsasauli ng ibinayad sa Direktor, at nasapatan ang mga probisyon ng Kabanata 4.82.

B. Ang Direktor o ang awtorisadong ahente ng Direktor ay may karapatang siyasatin at suriin ang lahat ng talaan at rekord sa negosyo ng humihingi ng dapat-matanggap upang matukoy kung karapat-dapat makuha ng humihingi ng dapat-matanggap ang pagsasauli ng ibinayad. Hindi papayagan ang anumang habol para sa pagsasauli ng ibinayad kung tatanggihan ng humihingi ng dapat-matanggap ang nasabing pagsusuri ng mga talaan at rekord ng negosyo ng humihingi ng dapat-matanggap pagkatapos itong hilingin ng Direktor.

C. Kung sakaling mali ang ibinayad na buwis sa negosyo at kasalanan ito ng Lunsod, ang buong halaga ng maling ibinayad na buwis ay isasauli sa humihingi ng dapat-matanggap. Kung kasalanan ito ng humihingi ng dapat-matanggap, ibabawas ng Lunsod ang halagang nakasaad sa iskedyul ng mga fee at singil na itinakda ng resolusyon ng Konseho ng Lunsod mula sa halagang isasauli para sa mga gastos sa pagpoproseso.

D. Papasimulan ng Direktor ang pagsasauli ng anumang buwis sa negosyo na sobra o hindi dapat siningil sa tuwing mapag-aalaman ang tungkol sa nasabing sobra o maling singil sa pamamagitan ng pagsusuri ng Lunsod sa mga resibo ng buwis sa negosyo. Kung sakaling mali ang ibinayad na buwis sa negosyo at kasalanan ito ng Lunsod, ang buong halaga ng maling ibinayad na buwis ay isasauli sa humihingi ng dapat-matanggap. Kung kasalanan ito ng humihingi ng dapat-matanggap, ibabawas ng Lunsod ang halagang itinakda sa Subseksyon C. sa itaas mula sa halagang isasauli para sa mga gastos sa pagpoproseso.

E. Sa mga sumusunod na sitwasyon, hindi magsasauli ng ibinayad alinsunod sa Seksyong ito, maliban na lang kung magbibigay ang humihingi ng dapat-matanggap sa Direktor ng sertipiko ng buwis sa negosyo na nagpapatunay ng pagbabayad ng buwis na hinihinging isauli:

1. Kapag nagbayad ng buwis para sa isang bagong negosyo, ngunit hindi pa nagsimula ang bagong negosyo sa loob ng animnapung (60) araw matapos magbayad ng buwis.

2. Kapag nagbayad ng buwis upang mag-renew ng sertipiko ng buwis sa negosyo para sa isang negosyo na hindi pa umiiral noong nagbayad ng buwis.

3. Kapag nagbigay ng sertipiko ng buwis sa negosyo para sa isang negosyo na nabigyan na ng ibang sertipiko ng buwis sa negosyo para sa parehong panahon.

**4.76.345 <u>Pagkalibre sa Pagbabayad ng Buwis dahil sa Pagkalugi para sa Maliliit na Negosyong Maliit ang Kita</u>**

A. Ang isang may-ari ng maliit na negosyo ay malilibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo na sinisingil alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito kung saan ang kabuuang kita ng maliit na negosyo ay hindi lumalampas sa antas ng kahirapan para sa taon ng kalendaryo kung kailan dapat bayaran ang buwis sa negosyo, at nasasapatan ng may-ari ng maliit na negosyo ang bawat isa sa mga iniaatas na itinakda sa Subseksyon C., sa ibaba.

B. Para sa Seksyong ito:

1. Ang ibig sabihin ng "antas ng kahirapan" ay ang halaga ng kita na itinakda ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng U.S. bilang alituntunin sa kahirapan para sa isang tao na pinarami nang dalawa (2) para sa taon ng kalendaryo kung kailan dapat bayaran ang buwis sa negosyo. Kung sakaling inihinto ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng U.S. ang paglalathala ng mga alituntunin sa kahirapan, gagamiting gabay ng Direktor ang mga istatistika ng populasyon na naghihirap na inilathala ng estado o ng isang pederal na kagawaran o ahensiya na itinuturing ng Direktor na magagamit para sa pagtatasa ng pagiging karapat-dapat na malibre sa pagbabayad ng buwis alinsunod sa Seksyong ito.

2. Ang ibig sabihin ng "kabuuang kita" ay ang kabuuang kita na nakasaad sa Kodigo ng Rentas Internas ng Estados Unidos at sa mga regulasyong itinatakda nito.

C. Ang isang may-ari ng maliit ng negosyo ay karapat-dapat na malibre sa pagbabayad ng buwis alinsunod sa mga probisyon ng Subseksyon A., basta't masasapatan niya ang mga sumusunod:

1. Inihain ang kahilingan sa pagkalibre sa Direktor sa o bago o petsa kung kailan dapat bayaran ang buwis; at

2. Ginawa ang kahilingan sa pagkalibre sa pamamagitan ng form na ibinigay ng Direktor, kung saan nakasaad sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na ang kabuuang kita ng maliit na negosyo ay inaasahang pumantay o bumaba sa antas ng kahirapan para sa taon ng kalendaryo kung kailan dapat bayaran ang buwis sa negosyo.

D. May karapatan ang Direktor na siyasatin at suriin ang lahat ng talaan at rekord ng may-ari ng maliit na negosyo, kasama na ang mga pang-estado o pederal na pahayag sa buwis sa kita o iba pang dokumentasyon ng kabuuang kita ng maliit na negosyo na sapat para sa Direktor, upang matukoy kung karapat-dapat ba na malibre sa pagbabayad ng buwis ang may-ari ng maliit na negosyo. Kung natukoy ng Direktor na hindi karapat-dapat ang may-ari ng maliit na

negosyo para sa isang nakaraang pagkalibre, ang buwis sa negosyo para sa nasabing taon ng kalendaryo ay dapat bayaran sa loob ng tatlumpung (30) araw matapos magbigay ng paunawa ang Lunsod. Kung hindi mababayaran ang buwis sa negosyo sa o bago ang ika-tatlumpung araw, magkakaroon ng mga multa at interes alinsunod sa Seksyon 4.76.290.

E. Hindi papayagan ang pagkalibre kung tatanggi ang may-ari ng maliit na negosyo na ipasuri ang kanyang mga talaan at rekord, kasama na ang mga pang-estado o pederal na pahayag sa buwis sa kita o iba pang dokumentasyon ng kabuuang kita ng maliit na negosyo na sapat para sa Direktor, pagkatapos itong hilingin ng Direktor.

F. Pinal na ang anumang magiging desisyon ng Direktor alinsunod sa Seksyong ito.

**4.76.345.5 <u>Pagkalibre sa Pagbabayad ng Buwis dahil sa Pagkalugi para sa mga May-ari ng Maliit na Negosyo na may Limitadong Kita ng Sambahayan</u>**

A. Ang isang may-ari ng maliit na negosyo ay malilibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo na sinisingil alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito kung saan ang isinaayos na kabuuang kita ng may-ari ng maliit na negosyo at ng asawa o domestikong kasama ng may-ari ng maliit na negosyo, kung naaangkop, ay hindi lampas sa antas ng kahirapan para sa taon ng kalendaryo kung kailan dapat bayaran ang buwis sa negosyo, at nasasapatan ng may-ari ng maliit na negosyo ang bawat isa sa mga iniaatas na itinakda sa Subseksyon C., sa ibaba.

B. Para sa Seksyong ito:

1. Ang ibig sabihin ng "antas ng kahirapan" ay ang halaga ng kita na itinakda ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng U.S. bilang alituntunin sa kahirapan para sa isang tao na pinarami nang apat (4) para sa taon ng kalendaryo kung kailan dapat bayaran ang buwis sa negosyo. Kung sakaling inihinto ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng U.S. ang paglalathala ng mga alituntunin sa kahirapan, gagamiting gabay ng Direktor ang mga istatistika ng populasyon na naghihirap na inilathala ng estado o ng isang pederal na kagawaran o ahensiya na itinuturing ng Direktor na magagamit para sa pagtatasa ng pagiging karapat-dapat na malibre sa pagbabayad ng buwis alinsunod sa Seksyong ito.

2. Ang ibig sabihin ng "isinaayos na kabuuang kita" ay ang isinaayos na kabuuang kita na nakasaad sa Kodigo ng Rentas Internas ng Estados Unidos at sa mga regulasyong itinatakda nito.

C. Ang isang may-ari ng maliit ng negosyo ay karapat-dapat na malibre sa pagbabayad ng buwis alinsunod sa mga probisyon ng Subseksyon A., basta't masasapatan niya ang mga sumusunod:

1. Inihain ang kahilingan sa pagkalibre sa Direktor sa o bago o petsa kung kailan dapat bayaran ang buwis; at

2. Ginawa ang kahilingan sa pagkalibre sa pamamagitan ng form na ibinigay ng Direktor, kung saan nakasaad sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na ang isinaayos na kabuuang kita ng may-ari ng maliit na negosyo at ng kanyang asawa o domestikong kasama, kung naaangkop, ay inaasahang pumantay o bumabab sa antas ng kahirapan para sa taon ng kalendaryo kung kailan dapat bayaran ang buwis sa negosyo.

D. May karapatan ang Direktor na siyasatin at suriin ang lahat ng talaan at rekord ng may-ari ng maliit na negosyo kasama na ang mga pang-estado at pederal na pahayag sa buwis sa kita o iba pang dokumentasyon ng isinaayos na kabuuang kita na sapat para sa Direktor, upang matukoy kung karapat-dapat ba na malibre sa pagbabayad ng buwis ang may-ari ng maliit na negosyo. Kung natukoy ng Direktor na hindi karapat-dapat ang may-ari ng maliit na negosyo para sa isang nakaraang pagkalibre, ang buwis sa negosyo para sa nasabing taon ng kalendaryo ay dapat bayaran sa loob ng tatlumpung (30) araw matapos magbigay ng paunawa ang Lunsod. Kung hindi mababayaran ang buwis sa negosyo sa o bago ang ika-tatlumpung araw, magkakaroon ng mga multa at interes alinsunod sa Seksyon 4.76.290.

E. Hindi papayagan ang hindi pagpapabayad ng buwis kung tatanggi ang may-ari ng maliit na negosyo na ipasuri ang kanyang mga talaan at rekord, kasama na ang mga pang-estado o pederal na pahayag sa buwis sa kita o iba pang dokumentasyon ng isinaayos na kabuuang kita na sapat para sa Direktor, pagkatapos itong hilingin ng Direktor.

F. Pinal na ang anumang magiging desisyon ng Direktor alinsunod sa Seksyong ito.

Bahagi 3

BUWIS BATAY SA AVERAGE NA BILANG NG MGA EMPLEYADO

**4.76.350 Mga Negosyong Binubuwisan**

Ang bawat taong nagnenegosyo sa Lunsod ay dapat magbayad ng buwis sa negosyo ayon sa kalkulasyon sa Bahaging ito batay sa average na bilang ng mga empleyado, maliban na lang kung iba ang nakasaad na batayan ng buwis sa Seksyon 4.76.355 o sa Bahagi 4 ng Kabanatang ito, o kung nalibre sa pagbabayad ng buwis ang negosyo alinsunod sa Bahagi 5 ng Kabanatang ito.

**4.76.355 Pagsuspinde ng Buwis sa Negosyo para sa Ilang Partikular na Ahente ng Tunay na Ari-arian**

A. Para sa Seksyong ito, ganito ang kahulugan ng mga sumusunod na termino:

1. Ang ibig sabihin ng "ahente ng tunay na ari-arian" o "ahente" ay isang tagabenta o kasamang broker na nagpasa ng kanyang lisensya sa tunay na ari-arian na ibinigay ng Kagawaran ng Tunay na Ari-arian ng Estado sa isang broker ng tunay na ari-arian.

2. Ang ibig sabihin ng "broker ng tunay na ari-arian" o "broker" ay ang may-ari ng lisensya ng broker ng tunay na ari-arian na ibinigay ng Kagawaran ng Tunay na Ari-arian ng Estado na nagmamay-ari o legal na nagkokontrol sa isang negosyo ng brokerage ng tunay na ari-arian, na hindi nagpapasa ng kanyang lisensya ng broker sa ibang tao o entidad bago i-broker ang pagbili o pagbebenta ng tunay na ari-arian.

B. Ang paniningil ng buwis sa negosyo alinsunod sa Seksyon 4.76.170 ay sususpindihin para sa negosyo ng sinumang ahente ng tunay na ari-arian na makakatugon sa lahat ng sumusunod na iniaatas:

1. Sangkot sa anumang aktibidad sa negosyo sa Lunsod kung saan kinakailangang kumuha ng lisensya sa tunay na ari-arian mula sa Kagawaran ng Tunay na Ari-arian ng Estado ayon sa batas, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa pag-broker sa pagbili, pagbebenta o pagpapaupa ng tunay na ari-arian, pamamahala ng ari-arian, at pag-apruba ng mga pautang sa tunay na ari-arian;

2. Nagpakilala bilang isang empleyado ng isang broker ng tunay na ari-arian para sa pagtatasa ng buwis sa negosyo ng broker na ang takdang petsa ay kasabay ng, o 364 na araw pagkatapos ng, takdang petsa ng buwis sa negosyo ng ahente, sa isang form ng listahan ng ahente na isinumite sa Direktor; at

3. Itinuturing bilang empleyado sa kalkulasyon ng halaga ng buwis sa negosyo na dapat bayaran ng broker ng tunay na ari-arian na iyon para sa pagtatasa ng buwis sa negosyo na iyon.

C. Ang isang broker ng tunay na ari-arian na nagnanais na bilangin ang mga ahente ng tunay na ari-arian bilang mga empleyado para sa pagtatasa at pagkalkula ng buwis sa negosyo ay dapat magsumite ng impormasyon na kailangan ng Direktor upang matukoy kung dapat nga bang suspindihin ang buwis sa negosyo alinsunod sa Seksyong ito, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa pangalan ng mga ahente ng tunay na ari-arian, na nasa form ng listahan ng ahente na ibinigay ng Direktor, kasama ng aplikasyon ng broker para sa sertipiko ng buwis sa negosyo o pag-renew.

D. Sa kabila ng Seksyon 4.76.030 at 4.76.040, ang bawat ahenteng nakalista sa form ng listahan ng ahente na isinumite ng isang broker ay ituturing na isang empleyado ng broker na iyon para sa pagtatasa ng nasabing buwis sa negosyo ng broker upang makalkula ang halaga ng buwis sa negosyo na dapat bayaran ng broker alinsunod sa Seksyon 4.76.360, anuman ang aktwal na bilang ng mga araw o oras na nagtrabaho ang nakalistang ahente.

E. Ang halaga ng buwis sa negosyo na dapat bayaran ng isang broker na nagsumite ng form ng listahan ng ahente ay kakalkulahin sa pamamagitan ng pagdaragdag ng bilang ng mga ahente ng tunay na ari-arian na pinangalanan sa

form ng listahan ng ahente sa average na bilang ng mga empleyado ng broker na hindi mga ahente ng tunay na ari-arian. Ang kabuuan nito ay gagawing batayan para sa pagkalkula ng buwis sa negosyo ng broker.

F. Hindi kailangan ng mga broker na magsumite ng form ng listahan ng ahente; gayunpaman, ang bawat ahente ng tunay na ari-arian ay pagbabayarin ng sarili niyang buwis sa negosyo, maliban na lang kung isa siyang empleyado at hindi nagnenegosyo bilang isang indibidwal o inilista siya sa form ng listahan ng ahente ng isang broker na nagbayad ng buwis sa negosyo kung saan kasama na ang nakalistang ahente.

G. Ang mga nakasaad dito ay hindi dapat ituring na nag-aalis ng tungkulin sa mga broker ng tunay na ari-arian na magbayad ng buwis sa negosyo.

H. Ang mga nakasaad dito ay hindi dapat ituring na pumipigil sa isang ahente ng tunay na ari-arian na hindi nakalista sa isang form ng listahan ng ahente na magbigay sa Direktor ng ebidensya na isa nga talagang empleyado ng broker ang ahente, kung kaya't hindi siya dapat magbayad ng buwis sa negosyo.

I. Ang pagtatakda sa isang ahente ng tunay na ari-arian bilang isang empleyado para sa Seksyong ito ay hindi dapat gawing batayan ng katayuan niya sa pagtatrabaho para sa iba pang mga bagay alinsunod sa Kodigong ito o iba pang batas.

J. Pinal na ang magiging desisyon ng Direktor hinggil sa kung sususpindihin ba ang buwis sa negosyo alinsunod sa Seksyong ito.

**4.76.360 <u>Mga Negosyong Binuwisan-Halaga-Mga Petsa ng Pagkakabisa</u>**

Mula sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2017, ang bawat taong nagnenegosyo sa Lunsod, nasa isang nakapirming lugar ng negosyo man ito sa Lunsod o hindi, ay taunang magbabayad sa Direktor ng sumusunod na halaga ng buwis:

A. Hindi bababa sa isang daan at siyamnapu't limang dolyar ($195.00) kada taon, na may karagdagang buwis para sa bawat empleyado kada taon alinsunod sa mga halagang nakasaad sa Subseksyon B. sa ibaba, batay sa average na bilang ng mga empleyado na lampas ng dalawa (2), at hindi lalampas sa pinakamataas na isang daan at limampung libong dolyar ($150,000.00) kada taon, na maaaring magkaroon ng mga taunang pagsasaayos alinsunod sa Seksyon 4.76.365.

B. Ganito ang sisingiling buwis kada empleyado:

| Average na Bilang ng mga Empleyado | Buwis para sa bawat empleyado |
|---|---|
| 1-2 | $0 |
| 3-35 | $30 |
| 36-100 | $40 |
| 101-500 | $50 |
| 501+ | $60 |

**4.76.365 <u>Mga Pagsasaayos ng CPI</u>**

Ang pinakamababang buwis sa negosyo na nagkakahalaga ng isang daan at siyamnapu't limang dolyar ($195.00), ang karagdagang buwis batay sa bilang ng mga empleyado na lampas ng dalawa (2), at ang limitasyong nabanggit sa Seksyon 4.76.360 sa itaas ay isasaayos taun-taon, simula sa Hulyo 1, 2018, at bawat taon pagkatapos nito, kung tumaas ang halaga ng pamumuhay sa Lunsod noong nakaraang batayang panahon ayon sa Indise ng CPI, ngunit hindi kailanman lalampas ang pagsasaayos sa tatlong porsyento (3%) kada taon sa buwis na batay sa bilang ng mga empleyado, tatlong porsyento (3%) kada taon sa limitasyon, at isa't kalahating porsyento (1.5%) kada taon sa pinakamababang buwis sa negosyo. Para sa Seksyong ito, ang batayang panahon para sa unang panahon ng pagsasaayos na magsisimula sa Hulyo 1, 2018 ay ang Indise ng CPI na iniulat para sa Pebrero 2017 hanggang Pebrero 2018. Pagkatapos nito, ang batayang panahon para sa bawat kasunod na panahon ng pagsasaayos ay magiging Pebrero hanggang Pebrero. Kung sakaling hindi na inilalathala ang Indise ng CPI, pagbabatayan ng Direktor ang ibang indise na inilalathala ng Estado ng California o ng isang pederal na kagawaran o ahensiya na may responsibilidad na sukatin ang halaga ng pamumuhay sa heograpikong lugar na kinabibilangan ng Lunsod.

Bahagi 4

MGA BUWIS SA BATAYAN BUKOD PA SA AVERAGE NA BILANG NG MGA EMPLEYADO

**4.76.400 <u>Pagpaparenta o Pagpapaupa ng mga Pangresidensyal at Hindi Pangresidensyal na Tunay na Ari-arian at Parke ng Mobilehome</u>**

Ang bawat tao sa Lunsod na sangkot sa negosyo ng pagpaparenta o pagpapaupa ng anumang pangresidensyal o hindi pangresidensyal na tunay na ari-arian o parke ng mobilehome ay magbabayad ng buwis sa negosyo batay sa bilang ng mga pinapaupahang yunit, laki ng espasyo, o pinapaupahang lote gaya ng inilalarawan sa Bahaging ito; gayunpaman, kung sangkot ang nasabing tao sa isang pagpapatakbo ng negosyo na may iisang entidad o pangalan ng negosyo kung saan iisa lang ang hanay ng mga rekord ng kuwenta, account sa bangko at iba pa, kailangan niyang magbayad ng buwis sa negosyo na kinalkula alinsunod sa Bahagi 3 at Bahagi 4, at ang pinakamataas na halaga mula sa dalawang kalkulasyon ay ang halaga ng buwis sa negosyo na dapat bayaran sa Lunsod.

**4.76.410 <u>Pagpaparenta o Pagpapaupa ng Pangresidensyal na Tunay na Ari-arian-Paglalarawan</u>**

A. Sa Kabanatang ito, ang ibig sabihin ng pangresidensyal na tunay na ari-arian ay ang mga kuwarto, apartamento, pang-isang pamilya na bahay, yunit ng anumang duplex, triplex o iba pang mga bahay na pang-maraming pamilya, o iba pang mga akomodasyon gaya ng, ngunit hindi limitado sa mga hotel, motel, rooming house, boarding house, lodging house, house court o bungalow court na karaniwang ginagamit upang tirhan, tulugan o tuluyan.

B. Sa Kabanatang ito, ang ibig sabihin ng negosyo ng pagpaparenta o pagpapaupa ng pangresidensyal na tunay na ari-arian ay ang bawat tao na sangkot sa negosyo ng pagpaparenta o pagpapaupa ng pangresidensyal na tunay na ari-arian bilang nagpapaupa o sublessor sa Lunsod.

C. Sa Kabanatang ito, ang ibig sabihin ng "pinapaupahang yunit" ay isang kuwarto, o dalawa (2) o higit pang mga kuwarto, na idinisenyo o ginagamit bilang hiwalay na akomodasyon para sa paninirahan, pagtulog o panunuluyan para sa isang (1) tao o para sa dalawa (2) o higit pang mga tao na naninirahan nang magkakasama.

**4.76.420 <u>Pagpaparenta o Pagpapaupa ng Hindi Pangresidensyal na Tunay na Ari-arian-Paglalarawan</u>**

A. Sa Kabanatang ito, ang ibig sabihin ng hindi pangresidensyal na tunay na ari-arian ay anumang pangkomersyal o pang-industriyal na tunay na ari-arian, gusali o istruktura, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa tunay na ari-ariang ginagamit para sa pagbobodega, pag-iimbak, o paradahan.

B. Sa Kabanatang ito, ang ibig sabihin ng negosyo ng pagpaparenta o pagpapaupa ng hindi pangresidensyal na tunay na ari-arian ay ang bawat tao na sangkot sa negosyo ng pagpaparenta o pagpapaupa ng hindi pangresidensyal na tunay na ari-arian bilang nagpapaupa o sublessor sa Lunsod.

C. Sa Kabanatang ito, ang ibig sabihin ng "talampakan kuwadrado" o "mga talampakan kuwadrado" ay ang sukat ayon sa talampakan kuwadrado ng lahat ng hindi pangresidensyal na gusali at istruktura, kasama na ang bawat palapag, mezzanine, silong, cellar o palapag sa ilalim ng lupa at lahat ng lupain na ginagamit bilang paradahan, kung naniningil ng bayad para sa nasabing pagparada.

**4.76.430 <u>Pagpaparenta o Pagpapaupa ng mga Parke ng Mobilehome-Paglalarawan</u>**

A. Sa Kabanatang ito, ang ibig sabihin ng parke ng mobilehome ay anumang parke ng mobilehome, parke ng trailer, parke ng trailer para sa paglalakbay, trailer court, parke ng trailer para sa paglilibang, lugar para sa biglaang camping at tent camp o anumang kumbinasyon ng mga ito.

B. Sa Kabanatang ito, ang ibig sabihin ng negosyo ng pagpaparenta o pagpapaupa ng mga parke ng mobilehome ay ang bawat tao na sangkot sa negosyo ng pagpaparenta o pagpapaupa ng parke ng mobilehome bilang nagpapaupa o sublessor sa Lunsod.

C. Sa Kabanatang ito, ang ibig sabihin ng "lote" ay ang lugar na inilaan para sa isang mobilehome, trailer, sasakyan para sa paglilibang o tent.

**4.76.440 <u>Mga Buwis sa Negosyo-Halaga-Mga Petsa ng Pagkakabisa</u>**

A. Simula sa Hulyo 1, 2017, ang bawat taong sangkot sa negosyo ng pagpaparenta o pagpapaupa ng pangresidensyal na tunay na ari-arian, hindi pangresidensyal na tunay na ar-arian, o parke ng mobile home sa loob ng Lunsod ay magbabayad sa Direktor ng sumusunod na halaga ng buwis:

1. Mga negosyo sa mga kategoryang tinukoy sa Seksyon 4.76.410 (Pagpaparenta o Pagpapaupa ng Pangresidensyal na Tunay na Ari-arian): buwis sa negosyo na hindi bababa sa isang daan at siyamnapu't limang dolyar ($195.00) kada taon, na may karagdagang buwis para sa bawat pinapaupahang yunit kada taon alinsunod sa mga halagang itinakda sa ibaba na lampas sa dalawang (2) pinapaupahang yunit, at hindi lalampas sa pinakamataas na isang daan at limampung libong dolyar ($150,000.00) kada taon, na maaaring magkaroon ng mga taunang pagsasaayos alinsunod sa Seksyon 4.76.450.

| Bilang ng mga Pinapaupahang Yunit (Pangresidensyal) | Buwis kada Pinapaupahang Yunit |
|---|---|
| 1-2 | $0 |
| 3-35 | $10 |
| 36-100 | $15 |
| 101-500 | $20 |
| 501+ | $25 |

2. Mga negosyo sa mga kategoryang tinukoy sa Seksyon 4.76.420 (Pagpaparenta o Pagpapaupa ng Hindi Pangresidensyal na Tunay na Ari-arian): buwis sa negosyo na hindi bababa sa isang daan at siyamnapu't limang dolyar ($195.00) kada taon, na may karagdagang buwis para sa bawat pinapaupahang yunit kada taon na nagkakahalaga ng 2.5 sentimo ($0.025) kada talampakan kuwadrado, at hindi lalampas sa isang daan at limampung libong dolyar ($150,000.00) kada taon, na maaaring magkaroon ng mga taunang pagsasaayos alinsunod sa Seksyon 4.76.450.

3. Mga negosyo sa mga kategoryang tinukoy sa Seksyon 4.76.430 (Pagpaparenta o Pagpapaupa ng mga Parke ng Mobilehome): buwis sa negosyo na hindi bababa sa isang daan at siyamnapu't limang dolyar

($195.00) kada taon, na may karagdagang buwis para sa bawat pinapaupahang lote kada taon na nagkakahalaga ng sampung dolyar ($10.00) para sa bawat pinapaupahang lote na lampas sa dalawang (2) lote, at hindi lalampas sa pinakamataas na isang daan at limampung libong dolyar ($150,000.00) kada taon, na maaaring magkaroon ng mga taunang pagsasaayos alinsunod sa Seksyon 4.76.450.

| Bilang ng mga Lote (Mga Parke ng Mobilehome) | Buwis kada Lote |
|---|---|
| 1-2 | $0 |
| 3 pataas | $10 |

**4.76.450 <u>Mga Pagsasaayos ng CPI</u>**

Ang pinakamababang buwis sa negosyo, ang karagdagang buwis batay sa bilang ng mga pinapaupahang yunit, lote, talampakan kuwadrado, at limitasyon na nabanggit sa Seksyon 4.76.440 sa itaas ay isasaayos taun-taon, simula sa Hulyo 1, 2018, at bawat taon pagkatapos nito, kung tumaas ang halaga ng pamumuhay sa Lunsod noong nakaraang batayang panahon ayon sa Indise ng CPI, ngunit hindi kailanman lalampas ang pagsasaayos sa tatlong porsyento (3%) kada taon sa buwis na batay sa bilang ng mga pinapaupahang yunit, lote, at talampakan kuwadrado, at tatlong porsyento (3%) kada taon sa limitasyon, at isa't kalahating porsyento (1.5%) kada taon sa pinakamababang buwis sa negosyo.  Para sa Seksyong ito, ang batayang panahon para sa unang panahon ng pagsasaayos na magsisimula sa Hulyo 1, 2018 ay ang Indise ng CPI na iniulat para sa Pebrero 2017 hanggang Pebrero 2018.  Pagkatapos nito, ang batayang panahon para sa bawat kasunod na panahon ng pagsasaayos ay magiging Pebrero hanggang Pebrero.  Kung sakaling hindi na inilalathala ang Indise ng CPI, pagbabatayan ng Direktor ang ibang indise na inilalathala ng Estado ng California o ng isang pederal na kagawaran o ahensiya na may responsibilidad na sukatin ang halaga ng pamumuhay sa heograpikong lugar na kinabibilangan ng Lunsod.

**4.76.460 <u>Pagpaparenta o Pagpapaupa ng Tunay na Ari-arian sa mga Organisasyon, Negosyo o Entidad na Libre sa Pagbabayad ng Buwis</u>**

Ang pagpaparenta o pagpapaupa ng tunay na ari-arian sa mga entidad ng pamahalaan o iba pang mga negosyo o organisasyong nakalista sa Bahagi 5 ng Kabanatang ito ay ituturing na isang negosyo para sa Kabanatang ito.

**4.76.470 <u>Tunay na Ari-arian-Paglalarawan ng mga Iniaatas</u>**

Ang bawat taong inaatasang magbayad ng buwis sa negosyo alinsunod sa Kabanatang ito ay dapat maghain ng hiwalay na listahan ng tunay na ari-arian na pag-aari, pinapaupahan o pinaparentahan sa Lunsod ayon sa direksiyon ng kalye at ayon sa numero ng parsela ng Tagatasa ng County para sa bawat lote o espasyong pinaparentahan o pinapaupahan at isang kumpletong listahan ng mga nangungupahan o sublessee para sa bawat ari-arian, kasabay ng aplikasyon para sa buwis sa negosyo.

**4.76.480 <u>Mga Kumpanya ng Tubig</u>**

Ang bawat taong sangkot sa negosyo ng pampublikong utilidad ng tubig sa Lunsod ay magbabayad ng buwis sa negosyo na hindi bababa sa isang daan at siyamnapu't limang dolyar ($195.00) kada taon, na may karagdagang buwis batay sa bilang ng mga aktibong nakametrong koneksyon sa loob ng Lunsod na nagkakahalaga ng isang dolyar ($1.00) kada koneksyon kada taon, at hindi lalampas sa pinakamataas na isang daan at limampung libong dolyar ($150,000.00) kada taon, na maaaring magkaroon ng mga taunang pagsasaayos alinsunod sa Seksyon 4.76.485.

**4.76.485 <u>Mga Pagsasaayos ng CPI</u>**

Ang pinakamababang buwis sa negosyo, ang buwis kada koneksyon, at ang limitasyon na nabanggit sa Seksyon 4.76.480 sa itaas ay isasaayos taun-taon, simula sa Hulyo 1, 2018, at bawat taon pagkatapos nito, kung tumaas ang halaga ng pamumuhay sa Lunsod noong nakaraang batayang panahon ayon sa Indise ng CPI, ngunit hindi kailanman lalampas ang pagsasaayos sa tatlong porsyento (3%) kada taon sa buwis na batay sa bilang ng mga aktibong nakametrong koneksyon, at tatlong porsyento (3%) kada taon sa limitasyon, at isa't kalahating porsyento (1.5%) kada taon sa pinakamababang buwis sa negosyo. Para sa Seksyong ito, ang batayang panahon para sa unang panahon ng pagsasaayos na magsisimula sa Hulyo 1, 2018 ay ang Indise ng CPI na iniulat para sa Pebrero 2017 hanggang Pebrero 2018. Pagkatapos nito, ang batayang panahon para sa bawat kasunod na panahon ng pagsasaayos ay magiging Pebrero hanggang Pebrero. Kung sakaling hindi na inilalathala ang Indise ng CPI, pagbabatayan ng Direktor ang ibang indise na inilalathala ng Estado ng California o ng isang pederal na kagawaran o ahensiya na may responsibilidad na sukatin ang halaga ng pamumuhay sa heograpikong lugar na kinabibilangan ng Lunsod.

**4.76.490 <u>Mga Pasilidad ng Pagtatapon ng Solidong Basura</u>**

A. Para sa Seksyong ito, ang ibig sabihin ng "pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura" ay anumang pasilidad o lokasyon kung saan nagtatapon ng solidong basura. Hindi kasama sa "pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura" ang pasilidad na ginagamit upang tumanggap ng solidong basura para sa pagre-recyle, paghihiwalay o iba pang pagpoproseso ng mga materyal sa solidong basura, o para sa direktang paglilipat ng solidong basura mula sa maliliit sasakyan papunta sa mas malalaking sasakyan, kung saan hindi nagaganap ang permanenteng pagtatapon ng solidong basura sa mismong lugar.

B. Para sa Seksyong ito, ang ibig sabihin ng "Permiso sa mga Pasilidad ng Solidong Basura" ay isang permiso na ibinibigay para sa pagpapatakbo ng pasilidad ng solidong basura alinsunod sa Seksyon 66796.30 ng Kodigo ng Pamahalaan ng California, atbp.

C. Para sa Seksyong ito, ikakategorya ang mga pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura gaya ng sumusunod:

1. Ang Kategorya A na pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura ay isang pasilidad na pinapahintulutang tumanggap ng basura alinsunod sa Permiso sa mga Pasilidad ng Solidong Basura nito, gaya ng inilalarawan sa Kabanata 9.08 ng Kodigong ito, para sa pagtatapon sa mismong lugar.

2. Ang Kategorya B na pasilidad ng pagtatapon ng basura ay isang pasilidad na maaari lang tumanggap ng mga solidong basura na hindi mapanganib, alinsunod sa Permiso sa mga Pasilidad ng Solidong Basura nito, para sa pagtatapon sa mismong lugar.

D. Simula sa Hulyo 1, 1989, ang bawat taong sangkot sa negosyo ng pagpapatakbo ng pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura ay magbabayad ng buwanang buwis sa negosyo gaya ng sumusunod:

1. Para sa mga tagapagpatakbo ng mga Kategorya A na pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura, ang antas ng buwis ay tatlong dolyar ($3.00) kada tonelada ng solidong basura na tinanggap sa pasilidad, sa buwan kung kailan babayaran ang buwis.

2. Para sa mga tagapagpatakbo ng mga Kategorya B na pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura, ang antas ng buwis ay dalawang dolyar at sampung sentimo ($2.10) kada tonelada ng solidong basura na tinanggap sa pasilidad, sa buwan kung kailan babayaran ang buwis.

E. Maliban na lang kung iba ang nakasaad sa Subseksyon F. sa ibaba, titimbangin ng tagapagpatakbo ng pasilidad ng solidong basura ang lahat ng solidong basura, kasama na ang basurang maaaring i-recycle, na tinanggap sa pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura. Titimbangin ang basura sa isang iskala na taun-taong sinesertipika ng Pang-agrikulturang Komisyonado/Tagaselyo ng mga Timbang at Sukat ng County ng Santa Clara. Ang patunay na taunang sertipikasyon ay isusumite sa direktor ng kagawaran ng Lunsod na hinirang ng Tagapamahala ng Lunsod.

F. Ang mga basura na dinadala sa pasilidad ng solidong basura sa pamamagitan ng maliliit na kargada ay hindi na kailangang timbangin ng tagapagpatakbo ng pasilidad ng solidong basura sa mga sitwasyon kung saan makakapagpabagal o makakaapekto sa mabisang pagpapatakbo ng pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura ang pagtitimbang sa mga nasabing basura. Iuulat ng tagapagpatakbo sa Direktor ang bilang ng maliliit na kargada ng basura na tinanggap sa pasilidad ng solidong basura para sa buwan kung kailan babayaran ang buwis sa negosyo at ang bulto (sa cubic na yarda) ng basura sa bawat maliit na kargada, at dapat niyang isama ang mga nasabing basura sa pagkalkula ng buwis sa timbang na dalawang daan at limampung (250) libra kada maliit na kargada. Para sa Seksyong ito, ang ibig sabihin ng "maliit na kargada" ay ang paghahatid ng basura na may timbang na mas mababa sa o katumbas ng isang (1) tonelada.

G. Ang isang tagpagpatakbo ng pasilidad ng solidong basura na nagre-recycle ng solidong basura sa mismong pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura ay may opsyon na, alinsunod sa Subseksyong ito, ibawas sa bilang ng solidong

basura na napapailalim sa buwis sa negosyo alinsunod sa Subseksyon D. sa itaas, ang bilang ng mga tonelada ng na-recycle na materyal na naproseso sa pasilidad sa buwan kung kailan babayaran ang buwis.

1. Kapag may sertipikadong lugar para sa pagre-recycle ang pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura, ang dami ng solidong basura na tinatanggap sa pasilidad at direktang dinadala sa sertipikadong lugar para sa pagre-recyle ay maaaring ibawas sa dami ng solidong basura na napapailalim sa buwis. Ang mga matitira mula sa isang sertipikadong lugar para sa pagre-recycle ay titimbangin bago itapon, at mapapailalim sa buwis ang dami ng mga tirang itinapon. Hindi maaaring ibawas ng isang tagapagpatakbo ng pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura ang anumang mga basurang dinala sa sertipikadong lugar para sa pagre-recycle sa dami na napapailalim sa buwis, maliban na lang kung ang nabanggit na lugar para sa pagre-recycle ay sinertipikahan ng direktor ng kagawaran ng Lunsod na hinirang ng Tagapamahala ng Lunsod alinsunod sa mga panuntunan at regulasyong itinakda ng nasabing direktor.

2. Kapag kasama sa mga pagpaptakbo ng pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura ang pagsasalba ng nare-recycle na materyal mula sa solidong basura na dinadala sa lugar para sa pagtatapon ng pasilidad, ang dami ng nasalbang materyal na inilipat mula sa site ay maaaring ibawas sa dami ng solidong basura na napapailalim sa buwis. Para sa Seksyong ito, ang ibig sabihin ng "pagsasalba" ay ang kontroladong pag-aalis ng basurang materyal mula sa solidong basura na dinadala sa lugar para sa pagtatapon ng pasilidad, kung saan ang nasabing pag-aalis ay para sa pagre-recycle ng inalis na basurang materyal.

H. Maaaring ibawas ng tagapagpatakbo ng pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura ang mga sumusunod mula sa dami ng solidong basura na napapailalim sa buwis sa negosyo alinsunod sa Subseksyon D. sa itaas: (1) ang bilang ng mga tonelada ng pantakip na materyal na nagmumula sa ibang lokasyon, at (2) ang bilang ng mga tonelada ng pangkonstruksyong materyal na nagmumula sa ibang lokasyon. Para sa Seksyong ito:

1. Ang ibig sabihin ng "pantakip na materyal" ay lupa o iba pang materyal na mainam gamiting pantakip sa pinitpit na solidong basura sa isang pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura na ginagamit ng tagapagpatakbo ng pasilidad biang pantakip.

2. Ang ibig sabihin ng "pangkonstruksyong materyal" ay ang materyal gaya ng bato, semento, aspalto at lupa na ginagamit para sa konstruksyon, gaya ng mga kalsada sa looban at lugar para sa paglilipat o pagtatapon.

I. Ang tagapagpatakbo ng pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura ay magsusumite sa Lunsod, kasabay ng pagbabayad ng buwis ng nasabing tagapagpatakbo alinsunod sa Seksyong ito, ng isang pahayag, kasama ng sumusuportang dokumentasyon, na nagsasaad ng buwan kung kailan binayaran ang buwis: (1) ang kabuuang timbang sa tonelada ng solidong basura na tinanggap sa pasilidad; (2) ang kabuuang timbang sa tonelada ng solidong basura sa tinanggap sa pasilidad at direktang dinala sa isang sertipikadong lugar para sa pagre-recycle; (3) ang

kabuuang timbang sa tonelada ng na-recycle na materyal na inilipat mula sa lugar; at (4) ang kabuaang timbang sa tonelada ng pantakip na materyal at pangkonstruksyong materyal na nagmula sa ibang lokasyon at tinanggap sa pasilidad.

J. Dapat itago ng tagapagpatakbo ng pasilidad ng solidong basura sa lokal na opisina ng pasilidad ng solidong basura ang lahat ng rekord tungkol sa anuman at lahat ng basura na natanggap at itinapon sa pasilidad, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa mga resibo ng timbang para sa solidong basura na tinanggap sa pasilidad at mga resibo ng timbang para sa mga na-recycle na materyal na inilipat mula sa lugar. Ang mga nasabing rekord ay dapat itago nang hindi bababa sa tatlong (3) taon mula sa petsa kung kailan natanggap o itinapon ang nasabing basura. Ang lahat ng rekord tungkol sa mga tonelada ng solidong basura na tinanggap sa pasilidad, mga tonelada ng na-recycle na materyal na inilipat mula sa lugar, at mga tonelada ng pantakip at pangkonstruksyong materyal na ginamit sa lugar ay dapat ipakita sa Direktor, sa direktor ng kagawaran ng Lunsod na hinirang ng Tagapamahala ng Lunsod, sa Tagasuri ng Lunsod, sa Abugado ng Lunsod at sa kanyang mga hinirang, kapag nagbigay ng nakasulat na paunawa sa tagapagpatakbo ng pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura.

**4.76.495 <u>Pagsususpinde ng Buwis sa Negosyo para sa mga Pasilidad ng Pagtatapon ng Solidong Basura</u>**

Ang buwis na iniaatas ng Seksyon 4.76.490 ay sususpindihin simula sa Hulyo 1, 1992, at mananatili itong suspendido hangga't may bisa ang buwis sa pasilidad ng pagtatapon na iniaatas ng Kabanata 4.78 ng Kodigong ito, at kapalit ng buwis na iniaatas ng Seksyon 4.76.490, babayaran ng tagapagpatakbo ng pasilidad ng pagtatapon ng solidong basura ang buwis na iniaatas ng Kabanata 4.78.

Bahagi 5

MGA PAGKALIBRE

**4.76.600 <u>Mga Pagkalibre–Pangkalahatan</u>**

Maliban na lang kung partikular na nakasaad sa Kabanatang ito, ang mga tadhanang ito ay hindi dapat ituring na nalalapat sa sinuman kung lalabag sa Saligang-batas ng Estados Unidos o ng Estado ng California o sa pederal o pang-estadong batas ang paniningil ng buwis sa taong iyon.

**4.76.610 <u>Mga Pagkalibre-Aplikasyon-Mga Kundisyon ng Pagbibigay</u>**

Ang sinumang nagnanais na malibre sa pagbabayad ng buwis sa negosyo ay dapat magpasa ng aplikasyon gamit ang mga form na ibinigay ng Direktor, at dapat siyang magbigay ng mga hinihinging impormasyon at apidabit. Kapag natukoy na karapat-dapat malibre ang aplikante sa pagbabayad ng buwis sa negosyo batay sa anumang dahilan na nakasaad sa Kabanatang ito,

ang Direktor ay magbibigay ng libreng sertipiko ng buwis sa negosyo sa nasabing tao, na magsasaad na libre ang negosyo sa pagbabayad ng buwis.

**4.76.620 Mga Pagkalibre-Mga Dahilan ng Pagbawi-Paunawa-Mga Karapatan sa Pagdinig at Pag-apela**

A. Maaaring bawiin ng Direktor ang anumang sertipiko ng buwis sa negosyo na ibinigay alinsunod sa Seksyon 4.76.610, kapag nakatanggap siya ng impormasyon na hindi karapat-dapat ang pagkalibre sa pagbabayad ng buwis.

B. Ibibigay ang paunawa ng pagbawi sa paraan at panahon na kapareho ng ginagawa para sa mga paunawa ng pagtatasa sa Seksyon 4.76.850 hanggang 4.76.870, at ang taong binigyan ng paunawa ng pagbawi ay magkakaroon ng kaparehong karapatan sa pagdinig at pag-apela na nakasaad sa Seksyon 4.76.850 hanggang 4.76.870.

**4.76.630 Paglalarawan ng mga Resibo para sa Personal na Ganansya**

Para sa Seksyon 4.76.640 at 4.76.650, ang mga resibo mula sa pagbabayad ng mga kinakailangang gastos mula sa pagpunta sa libangan, konsiyerto, pagtatanghal, diskurso, sayaw o palakasan ay hindi ituturing na paggamit ng mga resibo para sa personal na ganansya ng sinuman.

**4.76.640 Mga Pagkalibre-Ilang Partikular na Organisasyon-Mga Pinapahintulutang Libangan o Aktibidad**

Ang mga sumusunod na organisasyon o kapisanan ay malilibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo na iniaatas ng mga probisyon ng Kabanatang ito para sa anuman sa mga sumusunod na negosyo, libangan o aktibidad:

A. Anumang panrelihiyon, pangkapatiran, pang-estudyante, pang-edukasyon, pang-militar, pang-estado, pang-county o munisipal na organisasyon o kapisanan para sa pagsasagawa ng anumang negosyo, na bukas lang para sa mga miyembro at hindi para sa publiko;

B. Anumang panrelihiyon, pangkapatiran, pang-edukasyon, pang-militar, pang-estado, pang-county o munisipal na organisasyon o kapisanan para sa pagsasagawa ng anumang libangan, konsiyerto, pagtatanghal, diskurso, sayaw o palakasan, kung saan ang mga resibo ay para lang sa nasabing organisasyon at hindi para sa personal na ganansya ng sinuman;

C. Anumang organisasyon, kapisanan o kooperatiba para sa estudyante na awtorisado ng institusyong pang-edukasyon na pinagkunan ng pagkamiyembro, para sa pagsasagawa ng anumang libangan, konsiyerto, pagtatanghal, diskurso, sayaw o palakasan, kung saan ang mga resibo ay para lang sa nasabing organisasyon at hindi para sa personal na ganansya ng sinuman;

D. Anumang organisasyon o kapisanan para sa pagsasagawa ng anumang libangan, konsiyerto, pagtatanghal, diskurso, sayaw o palakasan, kung saan ang paggamit ng lugar kung saan isinagawa ang nasabing aktibidad ay isang munisipal na paggamit. Ang ibig sabihin ng "munisipal na paggamit" ay isang paggamit kung saan nakikinabang ang buong Lunsod o isang organisasyon o aktibidad kung saan nakikinabang ang buong Lunsod, at iniisponsor ng isang organisasyon na kumikita mula sa Lunsod, o para sa isang organisasyon o aktibidad na sinusuportahan ng Lunsod.

**4.76.650 Mga Pagkalibre-Mga Libangan para sa Kawanggawa**

Ang sinumang nagsasagawa o nagdaraos ng anumang konsiyerto, pagtatanghal, diskurso, sayaw, kasiyahan o libangan kung saan ang mga resibo ay para lang sa kawanggawa o pagtulong at hindi para sa personal na ganansya ay malilibre mula sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito.

**4.76.660 Mga Pagkalibre-Mga Organisasyon ng Kawanggawa**

Ang mga sumusunod na organisasyon ay malilibre sa pagbabayad ng buwis sa negosyo alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito: Anumang institusyon, organisasyon o kapisanan ng kawanggawa na itinatag para lang sa kawanggawa.

**4.76.670 Mga Pagkalibre-Mga Empleyado ng Ilang Partikular na Organisasyon**

Ang sinumang mamamayan ng bansa na sangkot sa alinman sa mga negosyo, propesyon o trabaho na nabanggit sa Seksyon 4.76.630 hanggang 4.76.660 at 4.76.710 hanggang 4.76.730, bilang empleyado ng sinumang nagsasagawa, namamahala o nangangasiwa ng anumang nasabing negosyo sa Lunsod, at hindi bilang may-ari, kasosyo, kasama o prinsipal sa nasabing negosyo ay malilibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo para sa negosyo, propesyon o trabaho.

**4.76.680 Mga Pagkalibre-Mga Magsasaka at May-ari ng Manukan**

Ang mga probisyon ng Kabanatang ito ay hindi dapat ituring na nag-aatas sa mga magsasaka, may-ari ng manukan o naghahalaman na nakatira at nagnenegosyo sa County ng Santa Clara na magbayad ng buwis sa negosyo alinsunod sa Kabanatang ito upang magkaroon ng pribilehiyo na ang mga sarili lang nilang produkto ang ibenta. Hindi malalapat ang pagkalibreng ito sa mga nursery o iba pang mga pangkomersyal na establisamiyento na bumibili ng mga produkto upang ipambenta, at nagbebenta rin ng sarili nilang mga produkto.

**4.76.690 Mga Pagkalibre-Komersyo sa Ibang Estado**

Ang bawat naglalako, nangangalap o iba pang tao na nagsasabing karapat-dapat siyang malibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo na iniaatas sa Kabanatang ito batay sa dahilan na nagsisilbing pabigat ang nasabing buwis sa karapatang makipagkomersyo sa ibang bansa o ibang estado, o na sumasalungat ito sa mga regulasyon ng Kongreso ng Estados Unidos

na pumoprotekta sa komersyo sa ibang estado, ay dapat maghain ng pinagtibay na pahayag sa Direktor, kung saan nakasaad ang pagkokomersyo ng negosyong iyon sa ibang estado o iba pang katangian nito na dahilan upang maging karapat-dapat itong malibre. Dapat ilagay sa nasabing pahayag ang pangalan at lokasyon ng kompanya kung saan kukunin ang mga order, ang pangalan ng pinakamalapit na lokal o pang-estadong tagapamahala, kung mayroon, at ang direksiyon, ang uri ng mga produkto, kagamitan o kalakal na ihahatid, ang lugar kung saan dadalhin ang mga iyon, ang paraan ng pangangalap o pagkuha ng mga order, ang lokasyon ng anumang bodega, pabrika o planta sa loob ng Estado ng California, ang paraan ng paghahatid, ang pangalan at address ng aplikante, at iba pang impormasyon na kinakailangan upang suportahan ang petisyon na malibre. Ang isang kopya ng order, form ng kontrata o iba pang mga papeles na ginamit ng nasabing tao para sa pagkuha ng mga order ay dapat ilakip sa apidabit para sa Direktor.

**4.76.695** **<u>Mga Pagkalibre-Mga Paminsan-minsang Transaksyon</u>**

A. Ang mga probisyon ng Kabanatang ito ay hindi malalapat sa mga taong walang nakapirming lugar ng negosyo sa loob ng Lunsod, at pumupunta lang sa Lunsod upang makipagtransaksyon para sa isang partikular na aytem sa kahilingan ng isang partikular na pasyente, kliyente o customer, basta't hindi pupunta ang nasabing tao sa Lunsod upang makipagtransaksyon nang mahigit sa limang (5) araw sa anumang taon ng kalendaryo.

B. Para sa sinumang walang nakapirming lugar ng negosyo sa loob ng Lunsod na pumupunta lang sa Lunsod upang makipagtransakyon at hindi libre alinsunod sa Subseksyon A., ng Seksyong ito, ang buwis sa negosyo na dapat bayaran ng nasabing tao ay maaaring itakda ng Direktor alinsunod sa mga pang-administratibong panuntunan na itinakda alinsunod sa Seksyon 4.76.760.

**4.76.710** **<u>Mga Pagkalibre-Pagbebenta ng isang Prodyuser sa mga Produkto</u>**

Ang bawat mamamayan ng bansa na nagbebenta ng anumang mga produkto o kagamitan na siya mismo ang gumawa ay malilibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo na iniaatas alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito.

**4.76.715** **<u>Pagkalibre-Pagbebenta ng mga Gawang-kamay na Produkto</u>**

Ang mga eskultor at artesano na nagbebenta lang ng mga sarili nilang idinisenyo at ginawang produkto at kagamitan ay malilibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito kung matutugunan ng taong humihingi ng pagkalibre ang mga sumusunod ayon sa Direktor:

A. Pagbebenta ng mga produkto at kagamitan sa sariling bahay ng eskultor o artesano sa ilalim ng Seksyon 20.30.110 ng Kodigong Munisipal ng San José sa loob ng hindi hihigit sa apat (4) na magkakasunod na araw nang dalawang beses sa anumang taon ng kalendaryo; o

B. Taunang pagbebenta ng mga produkto at kagamitan sa iisang (1) lokasyon lang, basta't hindi lalampas ng dalawang libong dolyar ($2,000.00) ang kabuuang halaga ng imbentaryo sa nasabing lokasyon.

**4.76.720 Mga Pagkalibre-Mga Nakakatanda**

Ang bawat mamamayan ng bansa na animnapu't limang (65) taong gulang pataas na may taunang kita, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 4.76.345 B.2., mula sa anuman at lahat ng negosyo na nagkakahalaga ng anim na libo at anim na raang dolyar ($6,600.00) pababa ay malilibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo alinsunod sa mga probisyon sa Kabanatang ito. Ang mga limitasyong inilalarawan sa Seksyong ito ay babaguhin kasabay ng mga pagbabagong ginawa ng Pangasiwaan ng Seguridad Sosyal na nangangasiwa sa mga pinapayagang kita na hindi nakakaapekto sa pagbibigay ng mga benepisyo sa pagreretiro mula sa seguridad sosyal.

**4.76.730 Mga Pagkalibre-Mga Guro-Mga Kundisyon**

Hindi iniaatas ng mga probisyon ng Kabanatang ito ang pagbabayad ng buwis para sa pagtuturo ng musika, sining o mga pang-edukasyong aisgnatura kapag umiiral ang mga sumusunod na kundisyon:

A. Isinasagawa ang pagtuturo sa bahay ng guro o sa bahay ng estudyante; at

B. Ang guro ay walang katulong, walang nakapaskil na patalastas sa kanyang bahay, at hindi karaniwang nagbebenta ng mga bagay kaugnay ng pagtuturo.

**4.76.740 Mga Pagkalibre-Negosyong Isinasagawa sa Ilang Partikular na Pasilidad ng Lunsod**

A. Ang anumang negosyo na isinasagawa sa Teatro ng California, Sentro para sa Pagtatanghal, Bulwagang Sibil ng San José, Sentro ng Kumbensyon ng San José, o iba pang mga kumbensyon o pangkulturang pasilidad na pag-aari ng Lunsod na may awtorisasyon o pahintulot (sa pamamagitan ng kontrata, permiso o iba pa) mula sa Lunsod na gamitin ang alinman sa mga nasabing pasilidad para sa nasabing pagnenegosyo ay malilibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo para sa negosyong isinagawa doon. Ang pagkalibreng ito ay para lang sa mga negosyong isinagawa sa mga nasabing pasilidad, at basta't sakop din ng anumang negosyo kung saan nalalapat ang pagkalibreng ito ang pagsasagawa ng negosyo sa mga lokasyon sa Lunsod bukod pa sa mga nasabing pasilidad, at ang negosyong isinagawa sa iba pang mga nasabing lokasyon ay mananatiling sakop ng pagbabayad ng buwis sa negosyo alinsunod sa Kabanatang ito. Ang pagkalibreng ito ay hindi malalapat sa anumang negosyo na isinagawa sa mga nasabing pasilidad alinsunod sa isang kontrata sa Lunsod na may terminong lampas ng isang (1) taon at nagpapahintulot ng pagsasagawa ng nasabing negosyo sa mga nasabing pasilidad sa panahon ng termino ng nasabing kontrata.

B. Ang pagkalibreng nabanggit sa Seksyong ito ay hindi dapat ituring na nalalapat sa konstruksyon, pagkukumpuni, pangangalaga, o pagpapanatili na isinasagawa sa mga nasabing pasilidad. Ang mga probisyon ng Seksyon 4.76.610 ay hindi malalapat sa pagkalibreng nabanggit sa Seksyong ito.

**4.76.741 <u>Pagkalibre-Mga Nagtitinda-Mga Taunan o Espesyal na Kaganapang Idinaraos ng mga Oranisasyong Di-nagtutubo o Kawanggawa</u>**

Ang mga probisyon ng Kabanatang ito ay malalapat sa sinumang nagnenegosyo upang kumita habang nakikilahok ang nasabing tao sa pamilihan ng artesaniya, pagtatanghal, parada, selebrasyon, sayaw, kasiyahan, libangan o iba pang kaganapan kung saan nagbebenta ng pagkain, inumin, sining, artesaniya, o souvenir ang iba't ibang indibidwal o tao, kapag ang nasabing pamilihan ng artesaniya, pagtatanghal, parada, selebrasyon, sayaw, kasiyahan, libangan, o iba pang kaganapan ay isinasagawa ng isang organisasyon, kapisanan, o institusyong di-nagtutubo o kawanggawa, maliban na lang kung pinayagan ang pagkalibre nito. Malilibre ang mga nagtitinda mula sa pagbabayad ng buwis sa negosyo habang nakikisali sa mga nasabing kaganapan kung matutugunan nila ang lahat ng iniaatas para sa isang pagkalibre na itinakda ng Direktor, ng Direktor ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Lunsod, at ng organisasyong di-nagtutubo o kawanggawa na nagdaraos ng kaganapan. Ang pagkalibreng ito ay hanggang sa katapusan lang ng kaganapan.

**4.76.745 <u>Pagkalibre ng Pampamilyang Bahay para sa Pag-aalaga sa Araw</u>**

Ang bawat taong nagpapatakbo ng Pampamilyang Bahay para sa Pag-aalaga sa Araw, gaya ng paglalarawan sa terminong iyon sa Artikulo 1 ng Kabanata 3.4 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California, na may labing-apat (14) o mas kaunti pang mga bata na wala pang labinwalong (18) taong gulang ay malilibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo na iniaatas alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito.

**4.76.746 <u>Pagkalibre ng Caregiver ng Pamilya</u>**

A. Ang sinumang miyembro ng pamilya na kumikita mula sa pagbibigay ng mga serbisyo ng pangangalaga sa ibang miyembro ng pamilya na may sakit at/o matanda na ay malilibre sa pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo na iniaatas alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito bilang resulta ng pagtanggap ng kabayaran para sa pagbibigay ng nasabing pangangalaga.

B. Para sa Seksyong ito, nalalapat ang mga sumusunod na pagpapakahulugan:

1. Ang ibig sabihin ng "mga serbisyo ng pangangalaga" ay tulong sa isa (1) o higit pa sa mga sumusunod: pagdadamit, pagpapakain, pagtulong sa pag-ihi at pagdumi, pagpapaligo, paglilinis, pagtulong sa paglalakad, pagsubaybay o pagbabantay sa mga pang-araw-araw na aktibidad sa buhay at mga nauugnay na gawain.

2. Ang ibig sabihin ng "miyembro ng pamilya" ay isang asawa, domestikong kasama, magulang, ama-amahan o ina-inahan, tiya, tiyo, kapatid, anak, kamag-anak ng bawat isa sa mga ito, at legal na tagapangalaga.

3. Ang ibig sabihin ng "domestikong kasama" ay inilalarawan sa Seksyon 4.76.115.

**4.76.748 Pagkalibre ng mga Opisyal ng Pulisya na may Ibang Trabaho Habang Naka-uniporme**

Ang sinumang opisyal ng pulisya o reserbang opisyal ng pulisya ng Lunsod ng San José na, alinsunod sa Seksyon 70 ng Kodigo Penal ng California at sa mga patakaran at pamamaraan ng Lunsod at ng Kagawaran ng Pulisya ng San José, nagkaroon ng ibang trabaho bilang pribadong guwardiya sa isang ahensiya ng estado, lokal na ahensiya, o pribadong nagpapatrabaho habang nakasuot ng uniporme ng pulis ay malilibre sa pagbabayad ng buwis sa negosyo na iniaatas alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito.

Bahagi 6
PANGANGASIWA AT PAGPAPATUPAD

**4.76.750 Pagpapatupad-Mga Tungkulin ng Direktor ng Pananalapi at Hepe ng Pulisya**

Tungkulin ng Direktor, at inaatasan siya, na ipatupad ang lahat ng probisyon ng Kabanatang ito, at tutulong ang Hepe ng Pulisya sa pagpapatupad ng Kabanatang ito kapag kailangan ng Direktor.

**4.76.760 Mga Panuntunan at Regulasyon-Paghahati-hati**

Para sa paghahati-hati na maaaring iatas ng batas, at para sa pangkalahatang pangangasiwa at pagpapatupad ng Kabanatang ito, ang Direktor ay maaaring pana-panahong magpahayag ng mga pang-administratibong panuntunan at regulasyon, na aaprubahan naman ng Abugado ng Lunsod.

**4.76.770 Inspeksyon ng mga Sertipiko ng Buwis sa Negosyo**

Ang Direktor at ang lahat ng kanyang hinirang ay may kapangyarihan at awtoridad na pumasok, nang walang bayad, sa oras ng negosyo, sa anumang lugar ng negosyo na binubuwisan alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito, at hilingin ang pagpapakita ng sertipiko ng buwis sa negosyo at ebidensya ng halaga ng ibinayad na buwis. Ang sinumang binigyan ng sertipiko ng buwis sa negosyo ngunit hindi nagawang ipakita ang sertipiko ng buwis sa negosyo o magpakita ng ebidensya ng halaga ng binayarang buwis sa negosyo pagkatapos itong hingin ayon sa batas ay kakasuhan ng misdemenor.

**4.76.780 <u>Inspeksyon at Pagsusuri ng mga Lugar ng Negosyo</u>**

Ang Direktor, sa pagsasagawa ng kanyang mga tungkulin, at sa pamamagitan ng kanyang mga kinatawan, ay may awtoridad na inspeksyunin at siyasatin ang lahat ng lugar ng negosyo sa Lunsod upang matukoy kung nasunod ba ang mga probisyon ng Kabanatang ito o hindi.

**4.76.790 <u>Pagsusuri at Pagsisiyasat ng mga Rekord at Kagamitan</u>**

Ang Direktor at ang kanyang mga kinatawan ay may kapangyarihan na suriin at siyasatin ang lahat ng talaan at rekord at, kapag kailangan, ang lahat ng kagamitan, ng sinumang nagnenegosyo sa Lunsod, upang matukoy ang halaga ng buwis sa negosyo, kung mayroon man, na kailangang bayaran alinsunod sa mga probisyon dito, at upang mapagtibay ang anumang mga pahayag o anumang aytem na inihain ng sinuman alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito.  Kung may sinuman, pagkatapos atasan ng Direktor o ng kanyang kinatawan sa pamamagitan ng pagsulat, na tatangging ipasuri, ipasiyasat o isumite para sa pagpapatibay ang mga talaan, rekord o kagamitan ng hinihiling ng Direktor o ng kanyang kinatawan, ang Direktor ay maaaring magsagawa ng pagtatasa alinsunod sa mga iniaatas sa Seksyon 4.76.850 hanggang 4.76.870 para sa anumang mga buwis na dapat bayaran, pagkatapos ng ganap na pagsasaalang-alang ng lahat ng impormasyong mayroon siya hinggil sa negosyo at mga aktibidad ng taong iyon.

**4.76.800 <u>Buwis na Dapat Bayaran sa Lunsod</u>**

Ang halaga ng anumang buwis sa negosyo, multa at interes na iniaatas ng mga probisyon ng Kabanatang ito ay ituturing na isang utang sa Lunsod, at ang sinumang magnenegosyo nang hindi muna kumukuha ng sertipiko ng buwis sa negosyo alinsunod sa Kabanatang ito mula sa Lunsod ay ihahabla sa ngalan ng Lunsod sa anumang hukuman na may wastong hurisdiksyon para sa halaga ng buwis, at mga multa at interes na sinisingil sa nasabing negosyo.

**4.76.075 <u>Ebidensya ng Pagnenegosyo</u>**

Sa anumang paghahabla na isinampa o nagmula sa anuman sa mga probisyon ng Kabanatang ito, ang kaalaman na sinabi ng isang partido na sangkot ito sa anumang negosyo kung saan kinakailangan ang pagkakaroon ng sertipiko ng buwis sa kita, o nagpaskil ang partidong iyon ng patalastas na nagsasaad ng nasabing negosyo, ay ituturing na kongklusibong ebidensya ng pananagutan ng nasabing partido na magbayad ng buwis sa negosyo para sa nasabing negosyo.

**4.76.820 <u>Nakareserba</u>**

**4.76.840 Mga Pagtutukoy ng Kakulangan**

Kung hindi sigurado ang Direktor kung tama ang anumang pahayag na inihain alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito, o kung nakalkula nang tama ang halaga ng buwis, maaari niyang kalkulahin at tukuyin ang halagang babayaran at magsagawa ng pagtutukoy ng kakulangan batay sa impormasyong napapaloob sa pahayag o batay sa anumang impormasyon na mayroon siya o maaari niyang makuha. Maaaring magsagawa ng isa (1) o higit pang mga pagtutukoy ng kakulangan para sa halaga ng buwis na dapat bayaran sa loob ng isang panahon o mga panahon. Kapag itinigil ng isang tao ang pagnenegosyo, maaaring magsagawa ng pagtutukoy ng kakulangan kahit kailan sa loob ng tatlong (3) taon pagkatapos nito hinggil sa anumang pananagutan na magmumula sa pakikisangkot sa nasabing negosy, nagbigay man ng pagtutukoy ng kakulangan bago ang petsa kung kailan dapat bayaran ang buwis o hindi. Sa tuwing magsasagawa ng pagtutukoy ng kakulangan, magbibigay ng paunawa sa kaukulang tao gaya ng kung paano ibinibigay ang mga paunawa sa pagtatasa alinsunod sa Seksyon 4.76.850 hanggang 4.76.870.

**4.76.850 Pagtatasa ng Buwis-Kailan Pinapahintulutan-Hindi Pagbabayad-Panloloko**

A. Sa anuman sa mga sumusunod na sitwasyon, ang Direktor ay maaaring gumawa at magbigay ng paunawa tungkol sa isang pagtatasa ng halaga ng buwis na dapat bayaran ng isang tao alinsunod sa Kabanatang ito:

1. Kung hindi naghain ang taong iyon ng anumang pahayag na kinakailangan alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito;

2. Kung hindi nagbayad ang taong iyon ng anumang buwis na dapat bayaran alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito;

3. Kung pagkatapos hingin ng Direktor ay hindi ginawa ng taong iyon na maghain ng itinamang pahayag, o magbigay sa Direktor ng sapat na patunay ng impormasyong napapaloob sa isang pahayag na naihain na o magbayad ng anumang karagdagang halaga ng buwis na dapat bayaran alinsunod sa mga probisyon ng Kabanatang ito;

4. Kung matukoy ng Direktor na ang hindi pagbabayad ng anumang buwis sa negosyo na dapat bayaran alinsunod sa Kabanatang ito ay dahil sa panloloko, magdaragdag ng multa na dalawampu't limang porsyento (25%) ng halaga ng buwis sa mga multa at interes na nakasaad sa Kabanatang ito;

5. Kapag hindi nabayaran ang kabuuan o anumang bahagi ng buwis sa negosyo sa dapat bayaran, mawawalan ng bisa ang anumang sertipiko na dati nang naibigay ng Lunsod sa nagbabayad ng buwis.

B. Ang halaga ng buwis na alam na Direktor na dapat bayaran o tinantiya ng Direktor ay hiwalay na itatakda ng paunawa sa pagtatasa, pagkatapos isaalang-alang ang lahat ng impormasyong alam niya tungkol sa negosyo at mga aktibidad ng taong tinatasa, na dapat bayaran alinsunod sa bawat naaangkop na seksyon ng Kabanatang ito, at kasama rito ang halaga ng anumang mga multa o interes na naipon sa bawat halaga hanggang sa petsa ng paunawa sa pagtatasa.

**4.76.860 <u>Pagtatasa ng Buwis-Mga Iniaatas sa Paunawa</u>**

Ang paunawa sa pagtatasa ay dapat ibigay sa kaukulang tao sa pamamagitan ng personal na pagpapaabot nito, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng paunawa sa pamamagitan ng koreo ng Estados Unidos, na bayad na ang selyo, na nakapangalan sa kaukulang tao gamit ang direksiyon ng lokasyon ng negosyo na nakasulat sa sertipiko ng buwis sa negosyo na ibinigay sa taong iyon o sa iba pang address na inirehistro ng taong iyon sa Direktor para sa pagtanggap ng mga paunawang ibinibigay alinsunod sa Kabanatang ito; o kaya, kung walang sertipiko ng buwis sa negosyo ang taong iyon at kung wala siyang direksiyon na nakarehistro sa Direktor para sa nasabing bagay, ipapadala ito sa huling alam na direksiyon ng taong iyon. Para sa Seksyong ito, ang serbisyo sa pamamagitan ng koreo ay makukumpleto sa oras ng pagdeposito sa koreo ng Estados Unidos.

**4.76.870 <u>Pagtatasa ng Buwis-Pagdinig-Aplikasyon at Pagtutukoy</u>**

Sa loob ng sampung (10) araw pagkatapos ng petsa ng serbisyo, ang taong iyon ay maaring magpasa ng nakasulat na aplikasyon sa Direktor upang humiling ng pagdinig hinggil sa pagtatasa. Kung hindi makakapagpasa ng aplikasyon para sa pagdinig sa Lunsod bago sumapit ang takdang petsa, magiging pinal at kongklusibo ang buwis sa negosyo na tinasa ng Direktor. Sa loob ng tatlumpung (30) araw matapos matanggap ang nasabing aplikasyon para sa pagdinig, itatakda ng Direktor ang petsa ng pagdinig nang hindi lalampas sa tatlumpung (30) araw pagkatapos ng petsa ng aplikasyon, maliban na lang kung magkakasundo ang Direktor at ang taong humihiling ng pagdinig sa ibang petsa. Ang paunawa tungkol sa nasabing pagdinig ay ibibigay ng Direktor sa taong humihiling ng nasabing pagdinig nang hindi lalampas sa limang (5) araw bago ang nasabing pagdinig. Sa nasabing pagdinig, ang aplikante ay maaaring dumalo at magbigay ng ebidensya kung bakit hindi dapat kumpirmahin at isapinal bilang buwis na dapat bayaran ang pagtatasang ginawa ng Direktor. Pagkatapos ng nasabing pagdinig, tutukuyin at muling tatasahin ng Direktor ang tamang buwis na dapat singilin, at magbibigay siya ng nakasulat na paunawa sa kaukulang tao alinsunod sa paraang nakasaad sa Seksyon 4.76.860 para sa pagbibigay ng paunawa sa pagtatasa.

**4.76.890 <u>Hatol na Lumabag sa Kabanata-Hindi Ililibre ang Buwis</u>**

Ang hatol na lumabag at parusa sa sinumang hindi makakapagbayad ng kinakailangang buwis sa negosyo ay hindi magbibigay ng imunidad sa nasabing tao laban sa anumang aksyong sibil para sa para sa buwis sa negosyo na hindi pa nababayaran noong hinatulan siya. Ang anumang aksyong sibil ay hindi makakahadlang sa pag-uusig para sa anumang paglabag sa mga probisyon ng Kabanatang ito o sa anumang batas ng estado na nag-aatas ng pagbabayad ng lahat ng buwis.

**4.76.900 <u>Itinuring na Misdemenor ang Paglabag-Parusa</u>**

Ang sinumang lalabag sa anuman sa mga probisyon ng Kabanatang ito o sa anumang regulasyon o panuntunan na pinagtibay alinsunod dito, o sadyang nagsinungaling sa sinumang opisyal o empleyado ng Lunsod na ito hinggil sa pagkuha ng sertipiko ng buwis sa negosyo ay hahatulan ng misdemenor, na maaaring parusahan sa pamamagitan ng pagmumulta o pagkakakulong, o sa pamamagitan ng pagmumulta at pagkakakulong alinsunod sa Kabanata 1.08 ng Kodigong ito.

**4.76.910 <u>Petsa ng Pagpapatupad</u>**

Ang petsa ng pagpapatupad ng Kabanatang ito ay sa Hulyo 1, 2017.

**4.76.920 <u>Aplikasyon ng Kabanata–Pagbabayad ng Buwis</u>**

A. Kung maaprubahan ng mayoriya ng mga botante sa pangkalahatang halalan sa Nobyembre 2016, magkakabisa ang mga probisyon ng Kabanatang ito sa Hulyo 1, 2017. Ang mga taong nagnenegosyo sa Lunsod na kailangang magbayad ng buwis sa negosyo sa o bago ang Hulyo 1, 2017 ay ang siyang magkakalkula at magbabayad ng sarili nilang buwis sa negosyo alinsunod sa Kabanatang ito.

B. Bago ang Petsa ng Pagpapatupad ng Kabanatang ito, maglulunsad ang Lunsod ng isang Online na Sistema ng Paghahain. Ang hindi pagkakaroon ng Online na Sistema ng Paghahain bunga ng anumang dahilan, kasama na, nang walang limitasyon, ang teknikal na problema, ay hindi dapat gawing dahilan upang huwag magpasa ng aplikasyon para sa isang sertipiko ng buwis sa negosyo o bayaran ang buwis sa negosyo, kasama na ang anumang interes at multa, sa takdang petsa alinsunod sa Kabanatang ito.

**4.76.930 <u>Kakayahang Ihiwalay</u>**

Kung sakaling mapagdesisyunan ng isang hukuman na may wastong hurisdiksyon na labag sa batas, hindi maipapatupad o walang bisa ang anumang probisyon ng Kabanatang ito, o ang paglalapat nito sa sinuman o sa anumang sitwasyon, ang desisyong iyon ay hindi magkakaroon ng epekto sa iba pang probisyon ng Kabanatang ito o sa paglalapat ng Kabanatang ito sa iba pang tao o sitwasyon, kung kaya't maaaring ihiwalay ang mga probisyon nito.

**4.76.940 <u>Epekto ng Pang-estado at Pederal na Pagbanggit / Awtorisasyon</u>**

Maliban na lang kung iba ang nakasaad dito, ang anumang babanggitin na pang-estado o pederal na batas sa Kabanatang ito ay ang anumang batas na maaaring pana-panahong susugan, basta't hindi maglalaman ng anumang susog ang nasabing pagbanggit ng batas dito, o sa anumang pagbabago ng pagbibigay-kahulugan dito ng isang pang-estado o pederal na ahensiya o hukuman ng batas na may tungkuling bigyang-kahulugan ang nasabing batas, kung saan ang nasabing pagsusog o

pagbabago ng pagbibigay-kahulugan ay mangangailangan ng pag-apruba ng botnate sa nasabing pagsusog o pagbibigay-kahulugan alinsunod sa batas ng California, o kung saan magreresulta sa pagbaba ng buwis ang nasabing pagbabago. Kung kakailanganin ang pag-apruba ng botante o kung bababa ang buwis bilang resulta, mananatiling may bisa ang dating bersyon ng batas (o pagbibigay-kahulugan); para sa anumang aplikasyon o sitwasyon kung saan hindi kakailanganin ang pag-apruba ng botante o pagbaba ng buwis, ganap na malalapat ang mga probisyon ng sinusugang batas (o bagong pagbibigay-kahulugan).

Kung lalawak ang awtorisasyon ng Lunsod na maningil o mag-atas ng buwis alinsunod sa Kabanatang ito dahil sa mga pagbabago sa pang-estado o pederal na batas, hindi na kakailanganing susugan o baguhin ang Kabanatang ito upang maiangkop ang buwis sa mga pagbabagong iyon, at ganap na iaatas at sisingilin ang buwis batay sa nasabing awtorisasyon hanggang sa kabuuang halaga ng buwis na iniaatas alinsunod sa Kabanatang ito.

**4.76.950 <u>Napapailalim sa mga Taunang Pagsusuri ng Lunsod</u>**

Alinsunod sa Seksyon 1215 ng Saligang-Batas ng Lunsod, na maaaring susugan, ang mga kita mula sa iniaatas na buwis ng Kabanatang ito ay sasailalim sa taunang pagsusuri na isasagawa ng independiyenteng tagasuri ng Lunsod sa mga munisipal na talaan, rekord, kuwenta at pamamaraan sa pananalapi ng Lunsod, at iuulat ang mga ito sa Komprehensibong Taunang Ulat sa Pananalapi ng Lunsod.

**4.76.960 <u>Naiipon ang mga Remedyo</u>**

Ang lahat ng remedyo at parusa na iniaatas ng Kabanatang ito o magagamit alinsunod sa iba pang probisyon ng batas o equity, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa Batas sa mga Mapanlokong Paghahabol ng California (Seksyon 12650 ng Kodigo ng Pamahalaan, atbp.) at sa Batas sa mga Hindi Patas na Kagawian ng California (Seksyon 17070 ng Kodigo ng mga Negosyo at Propesyon, atbp), ay naiipon. Ang paggamit ng Lunsod sa isa (1) o higit pang mga remedyo ay hindi makakaapekto sa paggamit ng iba pang remedyo para sa pagpapatupad ng mga probisyon ng Kabanatang ito.

**4.76.970 <u>Pagsusog o Pagpapawalang-bisa</u>**

Ang Kabanatang ito ay maaaring pawalang-bisa o susugan ng Konseho ng Lunsod nang hindi pinapaboto ang mga tao. Gayunpaman, alinsunod sa Kabanata XIIIC ng Saligang-batas ng California, kinakailangang ang pag-apruba ng botante para sa anumang pagsusog sa probisyon na magpapataas ng sinisingil na buwis alinsunod sa Kabanatang ito. Pinagtitibay ng mga mamamayan ng Lunsod ng San José na ang mga sumusunod na aksyon ay hindi dapat ituring na pagtaas ng buwis:

A. Ang pagbabalik ng antas ng buwis sa antas na hindi hihigit sa antas na itinakda ng Kabanatang ito, kung kumilos ang Konseho ng Lunsod upang bawasan ang antas ng buwis;

B. Isang aksyon na nagbibigay-kahulugan o naglilinaw sa sistema ng buwis, o anumang pagpapakahulugan na naaangkop sa buwis, basta't tumutugma ang pagbibigay-kahulugan o paglilinaw (kahit na salungat ito sa nakaraang pagbibigay-kahulugan o paglilinaw) sa nilalaman ng Kabanatang ito;

C. Ang pagtatatag ng isang kategorya ng tao na libre sa pagbabayad ng buwis o ang paghinto ng anumang nasabing pagkalibre (maliban sa paghinto ng pagkalibre na partikular na nakatakda sa Kabanatang ito); o

D. Ang paniningil ng buwis na iniaatas ng Kabanatang ito, kahit na matagal-tagal nang hindi naniningil ng buwis ang Lunsod.